

Ang Kapanahunan ng Inglesiang Smirna

Jeffersonville, Indiana USA

December 6, 1960

1 Pinakamaluwalhating Ama, lubos kaming nagagalak ngayong gabi na malamang taglay namin ang imortal na Buhay sa aming mga katauhan. Ang Buhay ng aming Diyos na pinaghati-hati sa pamamagitan ng mga dilang apoy at dumapo sa bawat isa sa kanila, at lahat sila'y napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't-ibang wika ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain. O Ama, pinasasalamatan ka namin nang lubos na Iyong pinaghati-hati ang Iyong Sarili sa iglesia. Hindi katakatakang sinabi ng aming Panginoon, "Sa araw na iyon ay malalaman n'yo na Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin, Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa sa Akin." Ganu'n na lamang ang pananahan ng Diyos sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan: "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, subalit makikita n'yo Ako, sapagkat Ako ay sasa inyo, at mananahan sa inyo hanggang sa dulo ng sanlibutan." Sa bawat kapanahunan ay pumaparito Ka, hindi Ka nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman, at makikilala Ka namin sa pamamagitan ng mga gawang ginagawa mo. "Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya."

2 Panginoon, nakikita na namin ang kasukdulan ng lahat ng kapanahunan, malapit nang matapos ang panahon at magsimula ang walang hanggan. Amang Diyos, lubos kaming nagagalak na malamang kami'y nabubuhay sa nalalabing pahanong iyon sa araw na ito, na binabantayan ang aming mga buhay at tinitignan ang uri ng hangarin at mga motibong mayroon kami, at nakikita naming ang Espiritu Santo na ang namamahala. Diyos, maunawaan nawa ng bawat taong nasa Banal na Presensya ngayong gabi ang mga kapanahunan ng iglesiang kinabubuhayan namin at dali-dali silang tumakbo sa Panginoong Jesus, sapagkat malinaw na nasusulat, "Ang Pangalan ng Panginoon ay isang matibay na Moog, tinatakbuhan ng matuwid at naliligtas." 3 O Diyos, pumarito Ka ngayong gabi at pahiran Mo ang aming pagkatao, Panginoon. Ihatid Mo po ang mga nalilihis ng landas, O Panginoon, na labis na nalilito; masdan Mo po ang mga abang tupa, Panginoon, hindi nila alam kung ano'ng dapat nilang paniwalaan; may mga panawagan ng pastor mula sa lahat ng dako. Idinadalangin namin Ama, na kanilang marinig ang dakilang Pastor ng mga tupa, ang Panginoong Jesus, ang pagsasabi ng Kaniyang dakilang Espiritu ngayong gabi ng, "Anak Ko, lumapit ka sa Akin, at ipagkakaloob Ko sa iyo ang Sabbath, ang Kapahingahan na nagtatatak sa iyo sa iyong walang hanggang destinasyon," hindi napapadpad paroo't parito sa

ibabaw ng lupa habang nakikita naming patapos na ang panahon. Itulot Mo po ito, Ama. Mangusap Ka po sa tagapagsalita, at makinig sa mga pandinig ng mga tagapakinig, sapagkat lahat kami ay nakikinig. Nananalangin kami sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Maaari na kayong magsiupo.)

3 Ngayon, sa gabing ito ay pag-aaralan natin ang ikalawang kapanahunan ng iglesia. Nakikita kong marami sa kanila ang nagtatala at iba pa; iyan ang dahilan kaya't nais ko itong gawing malinaw sa bawat pagkakataon. 5 Ngayon, ang ikalawang kapanahunan ng iglesia ay tinatawag na kapanahunan ng Iglesiang Smirna. At nagsimula ang kapanahunan ng Smirna kasabay ng pagwawakas ng kapanahunan ng Efeso. Ang kapanahunan ng Efeso ay mula A.D. 55 hanggang A.D. 170. Pumasok naman ang kapanahunan ng Smirna nang 170 at nagpatuloy hanggang sa 312. Ang ilesiang ito ay ang inusig na iglesia, may suot na putong ng martir at ang iglesia ng kapighatian. At ang pangako ng Diyos sa iglesiang hirang na naririto, ay bibigyan ito ng putong ng Buhay.

4 Bawat iglesia ay may bituin na hawak ng Diyos, na kumakatawan sa mensahero sa kapanahunan ng iglesiang iyon. Ang pinakanaisip kong mensahero sa kapanahunan ng Efeso (sapagkat hindi sinasabi ng Biblia kung sino ang mga ito) ay si Pablo, sapagkat itinatag niya ang iglesiang Efeso at siya ang ministro ng iglesiang iyon, na naghatid ng Liwanag sa iglesia, na ipinagpatuloy naman ni Juan mula roon. At pagkatapos ay si Polycarp naman, at iba pa—si Polycarp, at ang iba pa . . .

5 Ngayon, sa kapanahunan ng Smirna, sa paniwala ko—ayon sa lahat ng aking nadiskubre, ang mensahero ay si Irenaeus. At ngayon, nais kong sabihin sa inyo ang dahilan kung bakit si Irenaeus ang pinili ko imbes na si Polycarp. Ngayon, sa palagay ng karamihan sa mga kleriko (at mga guro ng Biblia) ang anghel ay si Polycarp. Ngayon, si Polycarp ay isang disipulo ni Saint John; totoo iyon. At sinelyuhan ito ni Polycarp; isa siyang martir; siya'y sinaksak sa ilalim ng kaniyang puso na siya niyang ikinamatay. Subalit siya'y isang dakilang tao, isang tanyag na lalaki, isang makadiyos na tao, magiliw, walang dudang isa sa mga pinakadakilang Cristiano na napasa atin. At walang kang masasabing anuman laban sa kaniyang buhay. Ang dahilan kaya si Irenaeus ang pinili ko: sapagkat naniniwala akong mas malapit sa Kasulatan si Irenaeus kaysa kay Polycarp. 8 Mangyari kasi si Polycarp ay medyo kumiling sa maka-Romang ideya ng pagtatatag ng organisasyon. At si Irenaeus ay laban na laban dito; lubos niya itong tinuligsa. At, tulad ng alam nating lahat, paparating na noon ang dakilang usapin sa Nicene Council; isa sa dakilang mga usapin ay kung ang

Diyos ba ay tatlo o isa. At pumanig si Irenaeus sa ang Diyos ay Diyos ng kasalukuyan at Isa lamang.

6 Maaari akong bumasa sa The Ante-Nicene Fathers, volume one, page 412, ng isang munting sipi; kung nais n'yong isulat, volume one ng Ni—ce—Nicene Fathers. At sa pahina dose, at ito'y ang . . . Kung nais n'yong malaman kung ano'ng volume, ito'y nasa huling bahagi ng volume three. Maaari n'yong

basahin ang kabuuan nito; mayroon itong ilang kabanata, o ilang mga pangungusap. Ngayon, magsisimula akong bumasa sa dulo, sa bandang huling dalawampu, tatlumpung talata nito. Hindi ko babasahin lahat, kundi bahagi lang nito. "Lahat ng iba pang ekspresyon ay nagpapakita rin ng titulo ng iisa at siya ring Persona"; (Kita n'yo, sinasabi niyang ang taguri nila sa Kaniyang Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay "Mga titulo at hindi mga pangalan, mga titulo ng nag-iisang Persona." Iyan pa rin nga ang itinuturo natin hanggang sa araw na ito.) "tulad, halimbawa ng" (at nakasaklong) (sa Ingles), "Ang makapangyarihang Panginoon, Ang Panginoong Ama ng lahat, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Kataas-taasan, Manlilikha, at iba pang tulad niyon. Ang mga ito ay hindi mga pangalan at mga titulo ng magkakasunod na magkakaibang Persona, kundi ng iisa lamang (Amen.) na sa pangalang ito ang Diyos, Ama, ay . . . Si—Siya na Siyang lahat ng mga ito . . . ang nagkakaloob sa lahat ng . . . ng pamumuhay, ng kaginhawaan ng lahat ng pamumuhay."

7 Ang sabi ni Irenaeus ang suma-total ng lahat ng mga titulong ito ay nauwi sa isang Pangalan, sa iisang Diyos, at ang mga ito ay mga titulo lamang ng kung ano Siya. Siya ang Rosa ng Saron. Iyon Siya. Iyon ay isang titulo. Siya ang Tala sa Umaga. Siya ang Alpha; Siya ang Omega. Mga titulo iyon ng kung ano Siya. Siya ay Ama. Siya ay Anak. Siya ang Espiritu Santo. Ngunit nag-iisa lamang ang Diyos, isang Diyos, at ang Ngalan Niya ay Isa. At isa iyan sa dahilan kung bakit naisip kong tama si Irenaeus sa kaniyang pagsusuri o interpretasyon ng Kasulatan.

8 Isang pang bagay na nais kong basahin sa inyo, makikita ito sa aklat na: "Papaano Ito Naganap?" At ito ay sulat ng mananalaysay. At, "Papaano Ito Naganap?" ni R. C. Hazeltine, ang kasaysayan ng mga unang iglesia. At dito sa pahina 180, "Ang espirituwal na mga Kaloob sa Panahon ni Irenaeus, A.D. 177 hanggang 202." Ngayon, sinisipi ko ito dahil ito'y itini-tape (Nauunawaan n'yo?), at ito'y lililipat sa mga aklat. 12 "Nung panahon ni Irenaeus natanggap ng karamihan sa mga iglesiang apostoliko ng Pransya ang lahat ng mga kaloob ng Espiritu Santo." Iyon ay dahil sa kaniyang pagtuturo. Kita n'yo? Ang mga miyembro ng iglesia ni Irenaeus sa Lyons (Iyon ay sa Lyon, France.) ay nagsalita ng iba't ibang wika. Hindi madalang na makakita ng isang patay na nabubuhay na muli. Ang

pagpapagaling ay pang-araw-araw na pangyayari sa lahat ng mga iglesiang ebanghelikal saan mang dako. (Alam ni Irenaeus kung papaano iyong ituro.) Madalas ang mga himala. Sa katunayan, hindi kailan man nawalan ng mga mahimalang manipestasyon ng Diyos ang mga iglesiang iyon, di man sa pamamagitan ng pangitain, sa napakatagal na pagdami ng mga elemento ng kalikasan, isang himala, upang ipaalala sa mga Cristianong ebanghelikal ng panahong iyon na sila ay mga minamahal Niyang disipulo. Ngunit sa kasaysayan ng nakaraan, walang tayong mapupulot na isa man lamang pagkakataon na may patay na nabuhay sa unang iglesiang Romano." Hindi interesado ang mga taong iyon na pumanig kaninuman; sinasabi lang nila ang katotohanan. Sila'y mga mananalaysay.

9 Kaya't sa palagay ko'y si Irenaeus ang mensahero, dahil (Naunawaan n'yo ba?), taglay niya ang kaparehong pananampalatayang ipinamana nina Pablo at ng mga disipulo. Iyon ang dahilan kung bakit naniniwala akong siya ang anghel ng iglesiang Smirna, sapagkat taglay niya ang kaparehong Iskriptural na mga katuruan; at ang kaparehong Iskriptural na mga katuruang batay sa Salita ng Diyos ay magbubunga ng gayon ding bagay sa tuwina. Kung sadyang tatanggapin mo lang ang pormula ng Salita ng Diyos at tutuparin ito nang husto, anuman ang sabihin ng mga iglesia, susundin mo ang ayon sa sinasabi nito, ito'y magbubunga ng kaparehong bagay. At iyon ang ginawa ni Irenaeus.

10 Ngayon, sa palagay ko si Polycarp ay isang mabuting tao, unawain ninyo; ngunit sinasabi kong masyado siyang kumiling sa pag-oorganisa ng iglesia, tulad ng ginagawa ng mga Nicolaitanes. Inoorganisa nila ang iglesia, at pinagbubuklod ang pagkakapatiran. At tila mabuti ito kung iisipin, ngunit (Nakikita n'yo ba?), nauuna nang napakalayo ang Espiritu sa pag-iisip na mistulang di ka makapag-isip ng tama kumpara sa Kaniya. "Ang aking mga pag-iisip ay mas mataas kaysa sa inyong mga pag-iisip." Kaya't iisa lang ang paraan; iyon ay ang sumunod na lamang sa Kaniya sa pamamagitan ng blueprint. Tama.

11 Ngayon, maaari nating isipin, kung ikaw ay lilisan dito . . . Kung ako ay pupunta sa Chicago ngayon gabi, maaaring lumabas ako rito at kumuha ng isang kompas at magsabi, "Ngayon, tignan natin, ang Chicago ay nasa bandang ito. Tama, hahayo na ako." Hindi ako makalalabas ng Jeffersonville. Kita n'yo? Kaiangang kumuha ako ng isang mapa ng daan. At ito'y . . . May nakaguhit na daang maaari kong tahakin papuntang Chicago sa loob ng anim o pitong oras sa pamamagitan ng sasakyan, ngunit hindi ako maaaring bastabasta na lang tumawid. Ang eroplano ay hindi maaaring tumawid nang bastabasta; mayroon siyang linya sa himpapawid o isang nakatakdang taas at iba

pang dapat niyang liparin, mga nakatakdang digri na kailangan niyang panatilian. 16 Mayroong isang daang ginawa, at ang Diyos ay may isang daan. Nasa Diyos ang daan para sa Kaniyang iglesia, para sa Kaniyang bayan. At hindi Niya kailan man nilayong pamahalaan iyon ng mga papa, cardinal, arsobispo, o general overseer. Ang Espiritu Santo ang Tagapagturo ng iglesia ng buhay na Diyos, upang ito ay palaguin. At hindi nauwi lahat ng kabanalan sa isang cardinal o isang pari, upang maging isa siyang banal na tao sa iglesia o kung anupaman. Ang karaniwang mananampalataya ay may kapantay na karapatan sa Espiritu Santo tulad ng sinumang mangangaral, pastor, diyakuno, at anupaman. Ang

karaniwang mananampalataya . . .

12 Kaya tinawag nila iyong Nicolaitanes . . . Tulad ng natalakay natin kagabi, hinimay natin ang salitang Nicolaitanes, at kinuha natin sa Griego. At ang N-i-c-k-o, "Nicko," ay nangangahulugang "lupigin o igupo." Ano? N-i-ck-o, Nico-laitane, ang karaniwang mananampalataya: lupigin ang karaniwang mananampalataya, at gupuin ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pamunuan ng mga tao, ng mga kleriko na magtuturo sa kanila at mag . . . Pagsasama-samahin nila ang kanilang mga konklusyon. Ganiyan idinaos ang Nicene Council. Sapagkat marami ang nagkakatipon at nagtatag sila ng isang pamunuan sa Nicene Council. Wala tayong—hindi natin nais na mangusap nang husto tungkol dito, sapagkat iyon ay para sa Huwebes pa ng gabi, sa Nicene Council. 18 Ngunit doon nabuo ang iglesiang Romano Catolico, mula sa lupon ng mga taong naakay nina San Pablo, at Irenaeus, at Saint Martin, at iba pa. Mga naakay sila upang maging mga Cristiano mula sa paganismo, ngunit naghangad silang haltakin ang iglesia pabalik sa isang maka-Lumang Tipang anyo ng ministeryo, tulad ng pagkakaroon ng mga punong saserdote, at apostolic succession, tulad ng pagpapalit-palit ng mga papa. Kung susuyurin natin ang Bibliang ito, makikita n'yo na iyon nga talaga ang katotohanan at ganu'n na lamang kinundena ng Diyos ang bagay na iyon sa pasimula pa lamang; at sa kapanahunan ng iglesia kagabi, ang sabi, "Kinapupuutan ko ito." at ganun din ng iglesia.

13 Hindi kailan man nilayon ng Diyos na patakbuhan ng mga tao ang iglesia. Ang Diyos ang nagpapatakbo sa Kaniyang iglesia, at pinataktakbo Niya ito sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu. Ang mga kaloob ng Espiritu ay nasa iglesia upang magtuwid ng espiritu. Mayroon Siyang limang opisang pangministeryo sa Kaniyang iglesia. Una sa mga ito ay ang mga apostol, o, mga misyonero. Ang pagiging misyonaryo ang pinakamataas na pagtawag, ang apostol. Ang salitang "misyonero" ay nangangahulugang "isinugo"; ang

"apostol" ay nangangahulugang "isinugo." Kung bakit pinili nilang tawaging misyonero, ay hindi ko alam. Ngunit sila ay mga apostol. Tama. Mga apostol, propeta, guro, ebanghelista, pastor, ngayon, iyan ang mga hinirang ng Diyos na opisina sa Kaniyang iglesia. 20 At sa bawat lokal na iglesia ay mayroong siyam na kaloob ng Espiritu ng dumarating sa mga tao, iyon ay ang, kaalaman, karunungan, mga kaloob ng pagpapagaling, paggawa ng mga himala, pagsasalita ng iba't ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika. At ang lahat ng mga bagay na ito ay nakalalip sa bawat katawang lokal. At bawat tao sa iglesia ay may indibiduwal na ministeryo, at ang indibiduwal na ministeryong iyon ay lumalakip sa iba pang ministeryo upang patibayin ang Katawan ni Jesus Cristo. At hindi kailan man . . .

14 Ngayon, alalahanin n'yo, na dito . . . Iguguhit ko ang mga linyang ito ngayong gabi. Ang unang iglesia, Efeso, Smirna, Pergamo, Tiatira, Sardis, Filadelfia, Laodicea . . . Ngayon, tandaan sa pagpapatuloy nito, tinaglay ng iglesiang ito ang kapuspusan ng Espiritu, ngunit sa dulo ng kapanahunan ng iglesia makikita natin na ito ay puwersahang itinataboy. Ang kasunod na iglesia ay mas namuwera nang bahagya, nang kaunti pa, hanggang sa isang iyon ay katiting na lang ang natira. "Nagtataglay ka pa ng kaunting mga bagay," ang sabi Niya. Oh, pagdating natin sa kapanahunan ng iglesiang Tiatira . . .

15 Ngayon, pagkatpos niyon, nagpalitaw ang Diyos ng isang Aleman na nagngangalang Martin Luther na muling nagpihit sa iglesia. Bahagya nitong napasulong ang iglesia; nangaral siya ng pag-aaring ganap; dumating si Martin Luther, nangaral ng pag-aaring ganap. Dumating naman si John Wesley at nangaral ng pagpapakabanal. At sa kapanahunan ng iglesiang ito, tuwiran silang nagbalik sa bautismo ng Espiritu Santo, kalakip ang kaparehong mga tanda at kababalaghan, sa pagpapatuloy nito. Dumaan ito sa labinglimang daang taong ito ng panahon ng karimlan. At iyon ang pinakamadilim—o ang pinakamahabang panahon sa mga kapanahunan ng iglesia. At dito naman ito nagsimulang lumabas, pag-aaring ganap, pagpapakabanal, bautismo ng Espiritu Santo. At ang sabi ng Biblia sa dulo ng kapanahunang ito, ang munting minoridad na naririto ay gigipitin sapagkat ang iglesiang Pentecostal na iyon mismo ay magsisimulang gumawa ng kaparehong bagay na dito nila uumpisahan: Nicolaitanes. (O Diyos, tikumin Mo po ang aking bibig hanggang sa dumating ako ro'n.) Kita n'yo? Ano'ng maaari kong makita ro'n . . . At ipapakita ko sa inyo na ang mensahero ng iglesiang ito ay mamumuhi sa mga denominasyon. Ang Espiritu ay magbabangon sa mga anak. Palagi nang ganu'n. At ngayon, mayroon na tayong isang . . .

16 Ngayon, kung mapapansin n'yo, dati itong malaki, lumiit, at pagkatapos ay lubusang napawi. Pagkatapos ay nagsimula itong bumalik. Pinabalik ito ni Luther; pag-aaring ganap, pagpapakabanal, bautismo ng Espiritu Santo, at sa huling panahon, lumiit itong muli, hanggang sa halos lubusan na itong mawala rito, maliit na maliit na lang, at diyan na Siya sumigaw na kung hindi Niya paiiksin ang paggawa para sa kapakanan ng mga pinili, walang lamang maliligtas. Kita n'yo? Hayan na nga, sa pinakadulo ng panahon. Ngayon, pakatandaan n'yo 'yan.

17 Ngayon, magsisimula na tayo sa kapanahunang ito ng iglesiang Smirna. Nais ko muna itong himayin sa papel na nasa akin. Ngayon, ang ikalawang kapanahunan ng iglesia ay ang Smirna, at naniniwala akong sasang-ayon kayo sa akin (o umaasa ako na ganun nga, o kahit na sa gitna lamang) na si Irenaeus ang butiun ng iglesiang iyon. Siya ang mensahero ng Diyos dahil sinuyod niya ang buong bansa, kinalugad niya ang Pransya (Gaul), at nagtatag siya ng mga iglesia sa mga dakong iyon, at ang bawat isa ay naisalig sa bautismo ng Espiritu Santo, pagsasalita ng iba't ibang wika, pagpapabangon sa mga

patay, pagpapagaling sa mga may sakit, pagpapahinto ng ulan, at pagsasagawa ng mga himala araw-araw. Alam nilang ang buhay na Diyos ay nananahan sa kalagitnaan ng mga tao. Siya ay isang lalaki ng Diyos, sapagkat ang sabi ni Jesus, “Walang taong makagagawa ng . . .” O ang mga tao ang nagsabi, “Walang sinumang makagagawa ng mga gawang ito malibang sumasakaniya ang Diyos.” Si Nicodemo ang nagsabi niyan kay Jesus.

18 Ngayon, isa itong bayan ng komeryo, lugar ng kalakalan ng Lydia at ng kanluran, ikatlong pinakamalaking syudad sa Asia, isang malaking syudad na nagsisilbing panganlungan ng mga barko, kilala sa kayamanan, mga gusali, iskuwelahan, medisina, at siyensiya. Ang mga Judio ay nanirahan sa Smirna, at tiniruan nila ng ebanghelyo ang mga tao rito. Si Polycarp ang unang obispo ng Smirna. Siya at ang iba pang mga tapat na lingkod ang nagtatag ng malalim na pananalig sa Diyos sa mga manananampalatayang taga roon. Nangaral doon ang mga ama ng unang iglesia tungkol sa katotohanan. Ang kapanahunan ng iglesiang ito, na ang pangalan ay Samaria—o Smirna, ay nangangahulagang “kapaitan, mira.” Ito'y may kaugnayan sa kamatayan, sapagkat sila noon ay naghihingalo na.

19 Isa itong iglesiang dumanas ng pag-uusig, kaya't tinawag sila ng Diyos na mga inusig. Tinignan ng Diyos ang kanilang mga dinanas na pag-uusig at sila'y binigyan Niya ng biyaya upang ito'y tiisin. Tinignan Niya ang mga kapighatian nito at binigyan sila ng tagumpay sa kamatayan, tinignan Niya ang kanilang kasalatan at sila'y binigyan ng mga kayamanan na masusumpungan sa Kaniya. Dumaan ang iglesia ng Smirna sa nag-aalab na hurno ng mga

kapighatian, ngunit sila'y naging isang samyo ng masarap na amoy sa Kaniya. Ang mga natira sa kanila ang aking tinutukoy ha, hindi ang matandang iglesia ng Smirna; ang mga natira lamang ang aking tinutukoy. Ang sampung araw ng kapighatian ay nangangahulugan ng “sampung taon ng madugong paguusig.” 27 Hindi ko alam kung magagawa kong baybayin o hindi ang pangalang ito, o kaya'y bigkasin man lamang. Siya ang emperong nung panahong iyon; sa paniwala ko siya ang may pinakamaraming pinadanak na dugo sa kanilang lahat magmula pa kay Nero nung 67, si D-i-o-c-l-e-t-i-a-n, nung mga taong 303 hanggang 312 A.D.

20 Hinimok ng Diyos ang Smirna na maging tapat hanggang sa kamatayan, tulad Niya, “At bibigyan kita ng putong ng Buhay, tulad ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama.” Pinangakuan ng Diyos ang mananagumpay sa kapighatian ng tagumpay sa kamatayan, “Huwag mong katakutan ang mga may kakayahang pumatay sa katawan, kundi Siya na may kakayahang puminsala sa kaluluwa— pumatay sa kaluluwa.” Ito'y . . . Ang mga taga Smirna ay dapat na magtiis hanggang sa wakas, “Huwag kang matakot sa mga tao, at ika'y bibigyan ng putong ng Buhay.” Napakahalaga ng naitipong pag-uusig na dinanas ng iglesia sa mga kapanahunan sa loob ng kapanahunang Smirna. Nais nating puntahan iyon sa loob lamang ng ilang sandali, kung loloobin ng Panginoon. 29 Ngayon, kung mayroon kayong mga hindi maunawaan sa mga ito dahil sa medyo masyadong mabilis ang pagkakasulat ko para sa ibang kasama natin sa pag-aaral na ito, kami'y . . . Tunay ngang makakakuha kayo ng mga ito sa amin anumang oras n'yong naisin; ikagagalak naming ibigay ang mga ito sa inyo. (Pagpaumanhinan n'yo ako.)

21 Ngayon, magsisimula tayo ngayong gabi sa ika-8 talata ng ika-2 kabanata. Ngayon, saan natin Siya iniwan kagabi? Tunay ngang namuhi Siya sa Nicolaitang iyon. Tama ba? Ngayon, ano'ng gagawin ng Diyos? Ano'ng una nating nalaman? Ang kapahayagan ni Jesus Cristo, kung Sino Siya at kung Ano Siya. Ngayon, ang sumunod na dakilang bagay na nalaman natin ay ang kinamumuhian Niya ang alinmang bagay maglalagay ng anuman upang mamuno sa Kaniyang iglesia maliban sa Kaniya. Siya ay isang mapanibughuing Diyos. 31 Nais kong tumigil, gawa ng mayroon lang tayong apat na talata rito, upang sumipi ng isang munting bagay. Ilan ang nakaaalala kay propetang Samuel nung ang Israel ay maghangad na gumaya sa iba? Naaalala n'yo ba 'yon? At sinabi sa kanila ng propeta, aniya, “Nagkakamali kayo.” Ngunit nais nilang tularan ang mga Filisteo at ng iba pa sa kanila. Buweno, ganung-ganun din ang nangyari sa pinakaunang kapanahunan ng iglesiang ito. Nakapagtatakang

ayaw ng mga taong pangunahan sila ng Diyos. Nais nilang sumunod . . . Ang gusto nila ay isang tao. Ginawa ng Israel ang pinamalaking pagkakamali nila matapos silang pagkalooban ng biyaya ng isang propeta, isang tagapanguna, pinagkalooban sila ng katubusan, at pinagkalooban sila ng pagkaing galing sa langit, at lahat ng iba pang mabubuting bagay na ibinigay sa kanila ng biyaya; naghangad pa rin sila ng kautusan sa Exodo 19. Hinangad nilang makapagpalitaw ng mga doctor of divinity, at ng iba pang mga tao; nais nilang magkaroon pa rin ng kung anong kinalaman doon.

22 Sa tuwina ang tao'y nagsisikap na daigin sa talino ang Manlilikha na gumawa sa kaniya, at ang napapala niya lang ay ang patayin ang kaniyang sarili. Tulad ng ipinangaral ko ilang Linggo na ang nakararaan tungkol sa “Hybrid na Relihiyon.” Iyon nga mismo. Kapag hinaybrid mo ang anumang bagay, tapos na 'yon. Iyon na ang wakas no'n; hindi na iyon maaari pang makabalik. Ang isang mola ay hindi maaaring magkaanak pa muli ng isang mola, sapagkat siya ay isang mola; isa siyang hybrid. Hindi ka maaaring magpatubo ng magandang mais mula sa magandang hybrid na mais. Ni hindi ito . . . Maaari itong umusbong, ngunit ito'y—oh, wala itong kuwenta. Habang nagdadagdag ka ng kung anu-ano sa sinabi ng Diyos, o kaya'y gumagawa ka ng isang bagay na ayaw ipagawa sa iyo ng Diyos, ito'y isang

hybrid na relihiyon. Maaaring magmukha itong maganda. Oh, maaaring maging mas magandang tignan ang mais na hybrid kaysa sa natural na mais. Dadaigin sa paggawa ng isang mola ang dalawang kabayo. Buweno, iyon ay . . . Wala naman iyon sa gawa, kapatid; sa biyaya tayo naligtas: hindi tayo sa gawa naligtas, kundi sa biyaya. Kaya't marahil iyon ay . . . 33 Sana'y hindi n'yo iniisip na ang mga pangungusap na ito'y . . . Kayo'y nabibigatan, at nararamdaman ko iyon dito sa itaas. Nauunawaan n'yo ba? Sapagkat may mga Presbyterian, Methodist, at lahat ng iba pa na naririto. Alam natin iyan. Kaya't nadarama ko ito. At kinakailangan mong ipanatag nang kaunti ang iyong sarili paminsan-minsan, para iyon ay maipagpag mo.

23 Ngayon, makinig kayo. Anumang hybrid ay walang kuwenta. Kailangan mong kunin ang orihinal, ayon sa pagkakagawa ng Diyos, kung magkagayo'y nakakuha ka ng isang bagay na tunay. 35 Ngayon, nakita natin na ang iglesiang ito ng Israel ay pinakain ng Diyos sa pagpapatuloy ng kanilang paglalakbay, inalagaan sila, at ginawa Niya ang lahat para sa kanila. At sa bandang huli ay napatingin sila sa mga Filisteo, at sa mga Amoreo, at sa iba pa, at anila, "Nais namin ng isang hari. Mayroon silang isang bagay na wala sa amin." 36 Ganiyan din ang ginagawa ng mga tao sa araw na ito. Isa sa mga . . . Pagtingin ng mga kapatid nating babae sa telebisyon at nakita nila si Gloria

Swanson, o kung sinuman, ang mga babaeng nakabihis ng isang uri ng damit, sadyang hindi sila mapakali hangga't hindi sila nakakakuha ng ganu'n. Kita n'yo? Pag nakakita kayo ng ilang kababaihan sa kabayanan, "Oh, hindi ba't napakaganda niyon?" Ano bang pakialam n'yo sa nais nilang isuot? Sadyang ganu'n ang mga tao. Ang sabi ko araw ito ng panggagaya: naggagayahan ang isa't isa. Halimbawa ang . . . Napakarami na ng mga Elvis Presley ngayon, sinasabi ko sa inyo, hindi mo sila kayang isako at isalansan sa mga bagon, sapagkat sumikat na siya dahil sa mga panggagaya.

24 Mayroon din tayong ganiyan sa relihiyon. Ang . . . Binabasa ko ang kasaysayan ni Martin Luther, at alam ito ng sinuman sa inyong mga mananalaysay. Ang sabi nila hindi kataka-takang nakalusot siya sa pagprotesta sa iglesiang Catolico, ngunit ang pinakamalaking hiwaga ay kung papaano niya naiwasan ang panatisismo na sumunod sa kaniyang revival at nakapanatili pa rin siya sa Salita. Iyon ang himala, kung papaano siyang iniwas do'n ng Diyos at pinanatiling tapat.

25 Ngayon, pinuntahan nila itong si Samuel. Ang sabi nila, "Gawan mo kami ng isang prop—o gawan mo kami ng isang hari." At sinabi ng Diyos sa kaniya na ayaw Niya ng ideyang iyon, iyon din ang inayaw Niya sa organisasyon. Kung papaanong tinanggihan Niya iyon, tinatanggihan Niya rin ang organisasyon. Hindi Niya tinatanggihan ang organismo, kundi ang organisasyon. Kinakailangang magkaroon tayo ng organismo. Ngunit hindi natin kailangang magkaroon ng organisasyon, sapagkat ito'y naghihiwalay: "Kami ay Ganito-at-ganiyan." 39 Cristiano ka ba, "Ako'y Methodist." Cristiano ka ba? "Ako'y Baptist." Wala iyang pinag-iba sa isang baboy sa koral. Wala 'yang kinalaman do'n, walang-wala. Ang isang Cristiano'y . . . 40 Tinanong ko ang isang babae na nasa entablado minsan isang gabi, "Ikaw ba ay isang Cristiano?" 41 Ang sabi niya, "Aba, gusto kong maintindihan mo, nagsisindi ako ng kandila gabi-gabi," na para bang iyon ay may kinalaman sa Cristianismo. 42 Ang sabi naman ng isang lalaki, "Buweno, isa akong Amerikano. Tunay ngang isa akong Cristiano." Buweno, walang kinalaman 'yan do'n, wala kahit ano. Ikaw ay isang Cristiano dahil ikaw ay kabilang sa ibang Kaharian. Tama. At ika'y nasa ibang Kahariang nasa itaas.

26 Ngayon, ano'ng ginawa ni Samuel? Kapareho rin ng ginawa rito ng Diyos. Tinipon ni Samuel ang Israel; aniya, "Ngayon, makinig kayo sa akin. Nais ko kayong tanungin. Minsan man ba'y nagsabi ako sa inyo ng isang bagay na hindi totoo?"

Aniya, "Ngayon, ako'y propeta ng Diyos sa inyong kalagitnaan. Magbanggit kayo sa akin ng isang pagkakataon na nagsabi ako sa inyo ng anumang sa Ngalan ng Panginoon na hindi natupad." Iyan ang sinabi ni Samuel sa kanila. Ang sabi niya, "At hindi ba't pinakain kayo at inalagaan ng Diyos at ginawa Niya ang lahat ng mga bagay na ito?" Ang sabi pa niya, "Nagkakasala kayo sa paggaya sa ibang mga bansa." "Oh . . ." ang sabi nila. 45 Ang sabi niya, "Nais kong tanungin kayo ng isa pa. Kumuha ba ako kailanman ng pera sa inyo? Namalimos ba ako kailanman sa inyo ng handog? O nagsabi ba ako sa inyo kailanman ng anumang bagay sa Ngalan ng Panginoon na hindi natupad?" 46 Ang sabi nila, "Hindi. Hindi ka kumuha ng aming pera; totoo iyon. At hindi ka nagsabi sa amin ng anumang sa Ngalan ng Panginoon na hindi natupad." 47 Ang sabi niya, "Kung gayo'y dinggin n'yo ako. Nagkakasala kayo sa panggagaya sa kanila." Ngunit gusto pa rin talaga nila ng isang hari. Hindi mahalaga sa kanila kung iyon ay tama o mali, nais nilang isagawa ang kanilang ideya. 48 Ganu'n din ang ginawa ng iglesia rito sa Efeso, tinanggap nila ang aral ng Nicolaita. At nang gawin nila iyon, naitulak sila nito sa pagsasanib ng paganismo at Cristianismo at iyon ang naging dahilan ng labinlimang daang taong panahon ng karimlan. At nang ilabas sila ni Luther, kundi ba naman ganu'n din sa ginawa nila sa Efeso ang ginawa ng ikalawang henerasyon ng mga Lutheran. Eksakto.

27 Ngayon, kung inyong papansinin, hindi naman ganiyang-ganiyan ang pagkakaayos ng kandelerero. Nagsimula sila nang paganito at ito'y umakyat. Buweno, ang pinakamataas mula sa Kaniyang kinatatayuan ay ang isang ito. At ang Cristianismo ay nagsimulang matabunan mula sa kinatatayuan Niya sa hugis na pa-krus. At ito ang Kaniyang kanang kamay; iyon ang Kaniyang kaliwang kamay. Ngayon,

dito, nakapatong ang kamay Niya sa iglesiang ito at sa iglesiang iyon. Siya ang Alpha at Omega, at siyempre, ganu'n din ang lahat ng iba pang mga titik na nasa pagitan niyon. Ngunit tiyakan Niyang tinukoy ang Alpha at Omega. May bahaghari sa Kaniyang ulunan, at iyon ang Kaniyang tipan.

28 Ngayon, mapapansin n'yo, kung papaanong nagpasimula ang liwanag ng Pentecostes, at unti-unti itong natabunan. Sinelyuhan ng mga lalaking ito, nina Irenaeus, Polycarp, at lahat ng iba pa sa kanila ang kanilang patotoo ng kanilang dugo, hanggang sa kahuli-hulihan ay puwersahang nasadlak ang Cristianismo sa pinakamadilim na panahon.

Ngayon, tignan n'yo, sa unang kapanahunan pagkatapos ng malaking ambok na iyon, dumating ang kaunting Liwanag, paliwanag nang paliwanag. Nakikita n'yo ba kung papaanong nagsimula itong magliwanag na muli, patungo sa araw na iyon. At ngayon sa dulo ng kapanahunang ito, nakahulang ito'y hahantong sa Laodicea, na malahininga. Ngayon, heto na. Aba'y, kung ito ang naghatid sa kanila rito, bakit natin iyon hahangarin dito sa Pentecostes? 52 At alam n'yong sinabi sa Bibliang may lilitaw na isang hayop. At alam nating iyon ay ang papa sa Roma. Tamang-tama nga. At pagkatapos ay magtatatag sila ng isang larawan ng hayop na iyon. Ano ba ang isang larawan? Isang bagay na ginawang katulad niyon. At iyon ay ang kumpiderasyon ng mga iglesia, at kabilang do'n ang Pentecostal. Darating ang oras na kakailanganin mong mapabilang sa isang organisasyon o kung hindi'y di mo mapapanatiling bukas ang iyong pintuan. Ngayon, tignan n'yo kung hindi iyan totoo. Iyan ang dahilan kaya dinidikdik natin ito nang husto. Opo. Kayo'y . . . Magpapakababa pa nga sila nang higit kaysa riyang; paghihikpitan nila kayo nang husto, na hindi nila kayo papayagang bumili o magbili malibang taglay n'yo ang tatak. Ito ang magpapasok nito.

29 Tulad na tulad din ng araw na iyon, sinunog nila sila, kanilang . . . Tumayo ako sa arenang iyon, napaiyak akong parang sanggol nang tumingala ako sa kinaroonan ng mga gladiator sa arenang iyon. At ang makita ang mga bagay na iyon, na nalalaman kong marami sa mga kapatid kong Cristiano ang kinain ng mga leon, at nilapa sa lugar na iyon, at pati na ang mga kababaihan at maliliit na mga bata at iba pa. Iniisip ko, kung lahat sila'y namatay sa pananampalataya, bibiguin ko ba sila ngayon? Hindi po. Diyos, hayaan Mong manindigan ako sa pananampalatayang minsan nang ipinagkaloob sa mga banal, doon mismo, gaano man ito di katanggap-tanggap sa karamihan.

30 Palaging may gustong magsabi, "Brother Branham, kung hindi mo titigilan 'yan, magiging laban sa iyo ang bawat organisasyon." 55 "Aba'y," ang sabi ko, "mayroong Isang hindi magkakagayon, yaong Isang nasa langit. Yaon ang Isang inaasahan ko." Kita n'yo? Ngayon, mahal ko ang mga tao sa bawat organisasyon. Tunay nga. Ngunit mayroon ba akong sinabing anuman sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi natupad? Kita n'yo? Ang lahat ba'y nasabi at natupad nang tama? Namalimos ba ako sa inyo ng pera? Kung gayon huwag kayong pumasok sa mga organisasyon. Manatili kayong malaya kay Cristo; hayaan n'yong maglabas-masok palagi ang Espiritu Santo sa iglesia.

31 Ang mahalaga, alisin n'yo ang mga di pagkakasundong ito sa inyo. Ang mga mumunting ismo, at mga kakatwang damdamin na mayroon kayo para sa inyong mga kapatid, at iba pang mga bagay na ganiyan, iwaksi n'yo 'yon.

Huwag n'yong hayaang mag-ugat ang kapaitan sa inyong kaluluwa. Kapag nangyari 'yon, sisirain kayo nito. Tama. Panatiliin n'yo ang pag-iibigan. Hindi mahalaga kung gaano kayo kinamumuhian ng mga tao; mahal in n'yo pa rin sila. Kung hindi n'yo 'yan kayang gawin, kailangan n'yong—hindi n'yo— hindi pa kayo nasiselyuhan; may maluluwag na bahagi pa sa inyong buhay. Kaya't magbalik kayo at paselyuhan n'yo iyon nang maigi sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo. Aalisan kayo Nito ng mga ugat ng kapaitan. Opo.

32 Ngayon, kita n'yo, ngunit sisikapin natin muli. Ang pagpapalang Pentecostal ay lumagpak noong mga 1906. May isang ministro tayong kasama ngayong gabi, isang misyonero na taga Tibet, isa sa . . . Hindi ko sinasabi ito dahil naririto siya. Sana'y hindi pa siya umuwi. Sa palagay ko'y naririto pa siya, magsasalita sana siya nang kaunti sa atin bago ako dumating. Naaalala ng lalaking iyon ang pasimula ng Pentecostes. Wala pang anumang organisasyon no'n; ang bawat isa'y nagkakaisa sa lahat ng bagay. Oh, napakadaling doong humakbang do'n nang mali, at tila napakabuti niyon sa paningin ng mga intelektuwal.

33 Tignan n'yo, hindi akalain ng Israel nang sila'y nakatayo sa dalampasigan, at nagsisigawan . . . Ngayon, sasabihin n'yo, "Ang ganitong uri ng relihiyon ay bago." Aba'y ito ang pinakamatanda. Tunay nga. Maging bago pa likhain ang sanlibutan sila'y nagsisigawan na at nagpupuri sa Diyos. Ang Diyos ang may sabi nito, tinanong Niya si Job, "Nasaan ba siya nang—nang mag-awitan ang mga tala sa umaga at nagsigawan ang mga anak ng Diyos dahil sa kagalakan." Iyon ay bago pa likhain ang sanlibutan.

34 Ngunit ngayon ay tignan n'yo ang Israel, nasaksihan nila ang mga himala. Iyon ang mga naunang Pentecostal: ang Israel, ang Pentecostal ng araw na iyon. Ngayon, naiahon na sila mula sa Egipto. Pinagpala sila ng Diyos, pinagkalooban ng lahat ng uri ng mga tanda at kababalaghan, at pinalaya. At nang nang tumayo sila sa dalampasigan at nagdaos ng pagtitipong Pentecostal . . . Nagdaos nga sila. Ngayon, makinig kayo. Umawit sa Espiritu si Moises, at kumuha ng tambourine si Miriam at tumakbo sa dalampasigan, hinampas ang tambourine na ito, nagsasayaw sa Espiritu; at sinundan siya ng mga anak

na babae ng Israel, na nagsasayawan sa Espiritu. At kung hindi iyon isang pagtitipong Pentecostal, hindi pa ako nakakakita ng ganun. Hindi nila akalain na apatnapung taon pa sila maglalakbay bago sila makarating sa lupang pangako. Mga apatnapung milya lamang ang layo niyon. Ngunit kaya sila inabot ng apatnapung taon upang malakbay ang apatnapung milya ay dahil sa maling pagpili nila. Pinili nilang magkaroon ng kautusan sa halip na hayaan nilang pangunahan sila ng Espiritu Santo, at akayi't gabayan ng Haliging Apoy sa buong lakbayin. Ninasa nilang magkaroon ng isang bagay na dapat

nilang gawin; naghangad sila ng mga saserdote, at mga dignitaryo, at ng munting teolohiya na kanilang mapagtatalunan, sa halip na magpatuloy na lamang na magpaakay sa Espiritu Santo; Napasa Espiritu sila; pinagkaloob ng Diyos ang lahat ng bagay; ngunit hinangad nilang magkaro'n ng kinalaman do'n.

35 Tulad na naman ng pagha-hybrid. Huwag n'yo pakialaman ang baka. Huwag n'yong pakialaman ang kabayo. Huwag n'yo pakialaman ang pagkain. Kanilang . . . Ang sabi ng Siyensiya sa isang artikulo sa "Reader's Digest," kung magpapatuloy silang mag-hybrid ng pagkain, pagkatapos ay kakainin ng mga tao . . . Tulad ng mga manok, humantong na ang kaawa-awang manok sa kalagayang wala na itong mga pakpak at mga binti. At kung ito'y mangingitlog, ikamamatay niya; maaari lang itong mabuhay ng isang taon. At napakalambot ng himaymay nito na halos hindi mo na makain. At kinakain ito ng mga tao, at sinisira nito ang mga tao. Tama. 61 Alam n'yo, dumarami ang mga homosexual sa Estados Unidos ng mga apatnapung porsyento mula pa nung nakaraang taon. At alam n'yo ba na sinasabi ng siyensiya na lumalapad ang mga balikat at lumiliit ang mga balakang ng mga kababaihan, at lumiliit naman ang mga balikat at lumalapad ang mga balakang ng mga kalalakihan? Kumakain kayo ng binaluktot na binhi; kumakain kayo ng binaluktot na bagay. Ang katawan n'yo ay nilikha upang lumusog sa natural na bagay. At ano'ng ginagawa nito? Binabago nito maging ang natural na paglaki ng mga kalalakihan at kababaihan, hanggang sa ang Hollywood, pati na ang ating gobyerno, at lahat na ay punung-puno na ng mga taong baluktot. Ano'ng ginagawa niya? Sila ang naghahatid nito sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang sariling punong kahoy ng kaalaman, pinapatay nila ang kanilang mga sarili.

36 Magbalik kayo sa pasimula. Huwag n'yong pakialaman ang kalikasan. Huwag n'yong pakialaman ang Diyos. Panatilihin n'yo ang iglesia sa Espiritu Santo. Layuan n'yo ang lahat ng mga obispo at mga papa at lahat ng klase ng aral na ito. Magbalik kayo sa pinagsimulan natin. Magbalik kayo. Si Jesus ay darating mismo sa . . . Sasabihin mo, "Isa akong Methodist." 63 Sasabihin Niya, "Hindi ganiyan sa pasimula." 64 "Presbyterian ako." 65 "Hindi ganiyan sa pasimula." Ano ba ang naroon sa pasimula? Isang karanasang Pentecostal ng bautismo ng Espiritu Santo. Ganu'n iyon nagpasimula. 66 Kita n'yo, kinailangan natin itong baluktutin. Oh, ito'y higit na nagpapaganda. Tunay nga. Naroon sa labas ang munting iglesiang iyon na

nagsasayawan at nagsisigawan; at doon sa kalye, at binabato sila ng mga tao, pinagtatawanan, at lahat na. Hindi masyadong maganda iyon, "Ngunit ngayon mayroon na tayong dakilang "Doxology," at Apostles' Creed, at, oh, Doctor Ph.D., L.L., double L.D., Ganito-at-ganiyan ang aming pastor." At sumisigaw sila ng "aaaaamen," na parang bakang pinupulikat, at umaasta sila nang ganu'n, at lahat ng iba pang mga bagay na tulad niyon. 67 Pagpaumahanin n'yo ako, hindi ko sinadyang sabihin iyon. Patawarin n'yo ako; hindi ko sinadyang sabihin iyon nang ganu'n. Kita n'yo? Hindi ko sinasadya iyon. Hindi iyon kaaya-aya sa isang lingkod ng Diyos.

37 Ngunit tignan n'yo, lahat ng mga iyon, aking . . . dumating lang sa isip ko. Kita n'yo? Ngunit tumatayo sila at nagsasabi ng lahat ng iba't ibang bagay na gayon, nagsasanay bago . . . Alam n'yo, ang sabi nila, "Ngayon, hindi, hindi tama ang pagsasabi n'yo ng, 'aaaaamen.'" Gusto ko ng isang mainam at makalumang Pentecostal na pagtitipon kung saa'y lumalagpak ang kapangyarihan ng Diyos, at kayo'y nagsisigawan, at naghihiyawan, at nagpupuri sa Diyos, na nasisiyahang tunay. Ganiyan nahahawakan ng Espiritu ang mga tao. Ngunit tayo'y . . . Halos hindi ka na makarinig ng "Amen"; "aaaaamen na." Ganunpaman, humantong na tayo riyon. Kita n'yo? Ang mga organisasyong ito ay dumidikit sa . . .

38 Ngayon, mayroon bang propesiya tungkol do'n? Naaalala n'yo ba ang propesiya ni Pablo kagabi? "Talastas ko na sa paglisan ko ay magsisipasok ang mga ganid na lobo sa inyong kalagitnaan, at mga taong kauri n'yo rin, sa loob mismo ng iglesia (sila ang papalitaw na Romano Catolico) ay magbabangon sa inyong kalagitnaan at magdadala ng mga alagad sa kanilang likuran." At nalaman natin na ang mga lobong binanggat ni Pablo ang siyang naging mga Nicolaitanes. 70 Pakinggan n'yo ang muling pangungusap ng Espiritu sa pamamagitan ng propeta, "Sa huling mga araw ay darating ang mga panahong mapanganib, sapagkat ang mga tao'y magiging mga maibigin sa kanilang sarili ('Ako si Doctor Ganito-at-ganiyan, huwag mo na akong sabihan ng anuman tungkol do'n ha. Ipinapaunawa ko sa iyo; ako ay Presbyterian. Alleluia.' O, 'Ako'y Pentecostal.')" Ano'ng saysay niyan, kung hindi ka likas na Pentecostal, at hindi mo ito naranasan? Kita n'yo? Opo, "Kabilang ako sa Assemblies. Kabilang ako sa Church of God." Buweno, ano bang saysay niyan sa Diyos? Kailangan mong maging kabilang sa Kahariang naroon sa itaas. Kita n'yo? Tama.

39 Ngayon, kung nakikita n'yo, lahat ng mga bagay na ito ay isa lamang konglomerasyon ng pagsasayang walang saysay . . . Ngayon, ang sabi, "Sila'y magiging mayayabang, mga mapagmalaki,

mga maibigin sa kalayawan kaysa

mga maibigin sa Diyos." Oh, hindi sila makapagsimba ng Linggo ng gabi habang mayroong magandang programa sa telebisyon. Ay, naku. Sa tuwina sila'y . . . May mga koponan pa nga sa paglalaro ang mga iglesia, at mga soup supper, at mga cricket party, at "mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, hindi mga maibigin sa mabuti." Ang mga ito ay namumuhi sa mga (Kita n'yo?), namumuhi sa mga iyon, ginigipit sila: hindi mga maibigin sa mabuti. 72 Oh, sasabihin mo, "Mga Komunista sila, kapatid." Oh, hindi. Oh, hindi.

40 Mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga hindi maibigin sa mabuti, na may anyo (makadenominasyong karanasan. Kita n'yo?)—na may anyo ng kabanalan, ngunit itinataggi ang kapangyarihan nito. 74 Magiging ano sila sa araw na ito? Kita n'yo, "May anyo ng kabanalan." Nagsisimba nang buong kataimtiman tuwing Linggo, pagkatapos ay nagsusuot ng shorts pagdating ng Linggo ng hapon, nagdadamo sa bakuran at naglalabas ng Oertel's 92. At ang pastor ay lumalabas, naninigarilyo at saka babalik . . . Oh. "May anyo ng kabanalan . . ." 75 "Buweno, pastor, may iglesia sila roon, at sabi nila sa akin may isang babaeng napagaling nung isang araw sa . . ." 76 "Kalokohan. Ang panahon ng mga himala ay lumipas na." 77 "Aba'y, alam n'yo ba? Naroon ako sa munting iglesiang iyon nung isang gabi, sa munting misyon doon sa kanto, at may isang tumatayo roon at nagsasalita ng kung anong bagay, uual- . . ." 78 "Oh, honey, huwag na huwag kang tatambay sa paligid ng mga ganu'n. Mga asong ulol 'yon. Naku, huwag n'yong bibiruin iyon. Holy-roller ang mga iyon. Huwag na huwag kang . . ."

41 "May anyo ng kabanalan ngunit itinataggi ang kapangyarihan nito. Sapagkat ito ang klaseng nanggagapang sa mga bahay at binibihag ang mga babaeng haling na lipos ng mga kasalanan, na hinihila ng iba't ibang pita, na hindi kailan pa man nakararating sa pagkaalam ng katotohanan." Iyan nga talaga. Hayan: ladies' aid society, ang ganitong society, at ganun. Napakaraming mga samahan ng abang iglesiang iyon na hindi na iyon makapangaral ng Ebanghelyo. Hanggang dalawampung minuto lamang maaaring mangaral ang pastor, at kailangan niyang mangusap tungkol sa ibang bagay kung magkagayon man. Kita n'yo? Kung hindi, kakausapin siya ng lupon ng mga diyakuno. Opo.

O kapatid, ano'ng kailangang gawin ng isang mabuting pastor sa araw na ito? Basta't gawin niya ang lahat ng magagawa niya upang tumayo ro'n at pagtatagpasin ang mga sanga saan man niya ibigin, at bahala na kung sinong mabagsakan; tirahin mo. Ganu'n lang. Opo. Tama. Huwag mong paligtasin ang sinuman; basta't ipangaral mo ang Salita at tutukan mo, pumukpok ka lang nang pumukpok. Kung ipakulong ka man nila, ipangaral mo sa kulungan. Kung itaboy ka nila . . .? . . . Saan ka man magpunta, magpatuloy ka lang sa pangagaral. Tama. Ngayon, iyan ang nangyari. Kita n'yo, sinasakal nila ito.

42 Ngayon, pupunta na tayo sa kapanahunan ng Smirna, sa ika-8 talata: . . . sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at huli, na namatay, at muling nabuhay; 82 Nais kong pansinin n'yo na sa tuwing magpapakilala Siya sa isang kapanahunan ng iglesia, naghahayag Siya ng isang bagay tungkol sa Kaniyang Pagkadiyos. Iyon ang unang sinisikap Niyang ipaalam sa iglesia; iyon ay ang Kaniyang Pagkadiyos. Siya'y Diyos. Nakikita n'yo ba kung ano ang malaking usapin na pinagtatalunan nina Iranaeus at ng iba pa sa kanila noon panahong iyon? Sinisikap nilang sabihin na ang Diyos at ang tatlong cosmic ay Diyos sa tatlong persona, at Diyos sa ganito. Ang sabi Niya, "Walang ganu'n. Mga titulo iyon ng iisang Persona, at iyon ay ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat." Tama. Kaya't hindi mo . . . Dati nang ganu'n ang paniwala nila. At dito sa pasimula ay ipinakikilala ng Diyos ang isa sa Kaniyang mga katangian bilang Diyos. Makikita n'yo na nagpapakilala muna Siya rito bilang, "Ako ang nakaraan, at ang kasalukuyan, at ang darating. At Ako ang Makapangyarihan sa lahat." Nag-uumpisa na Siya rito ngayon sa kapanahunan ng Smirna.

43 Ngayon, makinig kayo sa Kaniya, "Ako'y . . ." . . . sa anghel ng iglesia sa Smirna . . . (At sa paniwala natin ay si Irenaeus iyon.) . . . isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, . . . (Kita n'yo, ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili, "Ako'y Diyos ngayon ng kapanahunan ng iglesiang ito. Ayaw ko ng apat o limang magkakaibang diyos dito. Ako'y Diyos. kita n'yo, iyon na 'yon.") na namatay, at muling nabuhay: (Amen) 84 Ngayon, iyan ang panimula. Ngayon, ngayon, ang ibig sabihin ng "Smirna" ay "kapaitan," at hango ito sa salitang myrrh—myrrh. At naiwala ng unang iglesiang Efeso ang kanilang unang pag-ibig. At nagsimulang sumibol ang "ugat ng kapaitan" sa kanila sapagkat ang iglesiang ito, ang malaking bahagi ng pangunahing iglesia, sa tuwina ay kumakalaban sa pangunguna ng Espiritu Santo sa iglesia, at sila mismo ang gustong mamuno. Naghangad

silang magtatag ng isang kaparian; ninasa nilang gayahin ang ginawa ng mga tao nung Lumang Tipan. Naghangad sila ng mga pari. 85 Sila'y . . . Kung ang mga diyos ng pagano . . . Nang ma-convert sila noon, mayroon silang mga saserdote at iba pa ni Jupiter, at mga saserdote ni Venus, at iba pa; ninasa nilang gawing ganu'n din ang mga lalaking ito. Kita n'yo, ang kabuuan nito ay pagano sa pasimula pa lamang. Lahat ng mga paganong iyon ay may mga saserdote at iba pang mga bagay na tulad niyon. Ngunit banyaga iyon sa iglesia ng buhay na Diyos. si Cristo ang ating Saserdote, ang ating Punong Saserdote. Mayroon tayong isang Punong Saserdote, at isang hapag na ating kinakainan.

44 Ngayon, nagsimula nang sibulan ang iglesiang ito ng ugat ng kapaitan. Bakit? Naging mapait ito laban sa mga nagnanasang magpatuloy sa Espiritu Santo. Kumupas na ang pag-ibig, at sinisikap nilang ipagpalit ito sa mga kredo at mga denominasyon, lumalayo na sila sa pangunguna ng Espiritu Santo. Pag-isipan n'yo 'yan. Iyan ang dahilan kaya taglay nila ang kapaitan. Tama. Ngayon, nagsimula nang gumapang ang kapaitan sa unang iglesia; at mas higit pa sa ikalawa. At, sa kahuli-hulihan ay nakapasok na ito dahil gumagawa sila ng mas mainam na iglesia; iyon ang akala nila. Doon ay nagkaroon na sila ng isang bagay na kapita-pitagan na maaaring mapasok ng mga Romano. Bakit? Mayroon na silang papa; mayroon silang mga dakilang lalaki, mga cardinal, at iba pa. Magara ang kanilang bihis. Lumayo na sila sa lahat ng ingay at lahat ng taglay nila dati: napakatahimik na nila. Ipinakita nitong naghihingalo na sila. A-ha, naghihingalo na sila. Kaya't naging kapitapitagan sila, at nakabuo sila ng isang mas mainam na lupon. Ang unang nangyari nung panahong iyon ay inilagay nila ang kabuuan nito sa isang malaking denominasyong eklesiyastikal, ang pangdaigdigang iglesiang Romano, ang iglesiang Romano Catolico sa panahong ng karimlan. Buweno, nung panahong iyon, mayroon silang mga dignitaryo; mataas ang uri nila.

45 Oh, di hamak na mas maganda iyon kaysa nung sila ay nandoon lang sa lansangan, at kinailangan nilang lumakad na nakadamit ng balat ng tupa at kambing, na mga salat, at pinaglalagi, at pinagtawanan at pinagkatuwaan, at tulad ng sinabi ni Pablo sa ika-11 kabanata ng Mga Hebreo. 88 Aba'y, ang napakalaki, at magarang magbihis na iglesia, na may panloob pa, at lahat ng iba pang bagay na tulad no'n . . . Tunay ngang kapita-pitagan silang pagmasdan, "Father, Reverend, Doctor, si Paring Ganito-at-ganiyan." Ay, naku. Maaari silang magbalat-kayo ngunit, kita n'yo, hybrid naman iyon: hybrid. Kita n'yo, wala iyong taglay na Buhay. Hindi na sila maaari pang makabalik; iyon ang dahilan kaya di na sila nakababangon.

Hindi na muling nakabangon ang revival ng mga Lutheran. Hindi na muling nakabangon ang revival ng mga Wesleyan. Hindi na muling nakabangon ang revival ng mga Nazarene. Hindi na rin makababangon ang revival ng mga Pentecostal. Bakit? Sapagkat kinitil n'yo na ang buhay nito. Hinaluan n'yo ito ng sanlibutan, ng ideyang Nicolaita, at hindi ninyo hinayaan ang pamamaraan ng Espiritu Santo. Tama. Hinaluan n'yo ang iglesia, at hindi n'yo na ito maipanunumbalik sa orihinal nitong kalagayan. Kapag nagpalahi kayo, nakakakuha lang kayo ng mas maraming Methodist; pag nagpalahi ang mga Baptist, nakakakuha sila ng mas maraming Baptist; pag nagpalahi ang Catolico nakakakuha sila ng mas maraming Catolico; kung ano'ng ibinibigay mo mula sa butil, ganu'n din ang makukuha mo. Ngunit sinasabi ko sa inyo; kapag bumalik ang Espiritu Santo, maghahatid ito ng bagong kapanganakan at bagong Buhay, isang Persona . . . Ipinanunumbalik ng bautismo ng Espiritu Santo ang iglesia sa kaniyang sarili, muli itong binigbigyan ng Buhay. 90 Ang hybrid na mais ay walang taglay na buhay. Anumang buhay nito ay halos napiga na. Ngayon, tatalakayin natin iyan sa panahon ng karimlan, "Ang kaunting taglay n'yo ay inyong panghawakan," ang sabi Niya. Halos naubos na nila iyon. Ngayon, hindi na nito mapaparami ang kaniyang sarili. Ngayon, magagawa bang . . .

46 Ngunit ang Katawan ni Jesus Cristo ay hindi isang organisasyon. Ang Katawan ni Jesus Cristo ay isang mistikal na Katawan; ito ay isang Katawan ng—at isang espirituwal na Kahariang itinatag ni Jesus Cristo bilang Hari nito sa ibabaw ng lupa, ang Punong Saserdote upang mag-alay ng mga handog para sa mga naglalakbay sa Kahariang ito. Siya ang Propeta, ang Salitang nangangaral ng Katotohanan at naghahatid ng Liwanag ng Diyos sa Kahariang ito; at Siya ay Propeta, Saserdote, at Hari sa Kahariang ito. At papaano tayo pumapasok sa Kahariang ito? Sa pamamagitan ng denominasyon? Sa pamamagitan ng pakikipagkamay? Ngunit sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat papasok sa isang Katawan na walang iba kundi ang mistikal na Katawan ni Jesus Cristo, at binabautismuhan tayo ro'n, hindi sa pamamagitan ng tubig, hindi sa pamamagitan ng pagwiwisik, hindi sa pamamagitan ng pagbubuhos, hindi sa pamamagitan ng anumang uri ng bautismo sa tubig, kundi sa pamamagitan ng Espiritu, Banal na Espiritu, tayong lahat ay binabautismuhan papasok sa isang Katawan: I Mga Taga Corinto 12. Siya nga, binabautismuhan tayo papasok sa Katawang ito sa pamamagitan ng isang Espiritu, Banal na Espiritu; kung mgakagayo'y hindi na tayo tumatakbo sa anumang bagay liban kay Cristo. Kayo ay kay Cristo. Isa itong mistikal na Katawan ng Diyos na naitatag, na pinapasok natin sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Gustung-gusto ko 'yan. Hm.

47 There are people almost everywhere, Whose hearts are all on flame With the fire that fell on Pentecost, That cleansed and made them clean; Oh, it's burning now within my heart, O glory to His Name! I'm so glad that I can say I'm one of them. I'm one of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Hallelujah.) One of them, I'm one of them, Now, I'm so glad that I can say I'm one of them. Though these people may not learn to be (D.D.D., Ph.D., Kita n'yo?) . . . may not learn to be, Or boast of worldly fame, They have all received their Pentecost, Baptized in Jesus' Name; And are telling now both far and wide, His power is yet the same, I'm so glad that I can say I'm one of them. Hindi ba kayo nagagalak? Opo. Sadyang isa sa kanila, iyon lang.

48 Naaalala ko nung lumalakad ako sa Memphis, nang iniusli ng babaeng negrang iyon ang kaniyang ulo, at ang sabi, "Magandang umaga, parson." 94 Ang sabi ko, "Papaano mo nalamang isa akong parson?" 95 Ang sabi niya, "Sinabi sa akin ng Panginoon na darating sa kalsada ang Kaniyang parson, na nakasuot ng

sumbrerong kulay-balat na may dala-dalang maleta." Aniya pa, "Alam kong ikaw na siya nang makita kitang dumarating." Kita n'yo? Oh, isa siya sa mga iyon. Tama. Oh, napakabuti ng Diyos.

49 Ngayon, naniniwala akong may isang bagay . . . [Binasa ni Brother Branhan ang isang tala na ibinigay sa kaniya—Ed.] "Ang batang babaeng ipinanalangin mo nung Linggo ng gabi, na taga Bedford ay pinaniniwalaang namatay kani-kanina lamang. Ito ay hindi maaaring . . . Kung magagawa nating manalangin." Isang batang babae na ipinanalangin namin . . .

Ipinanalangin siya rito nung Linggo ng gabi, taga Bedford—namatay siya kani-kanina lang," ang sabi nila. Tayo ay manalangin: 97 Panginoong Jesus, idinadalangin ko na sa papaano man o sa anumang paraan, Panginoon, itulot Mong makaabot ang aming mga panalangin para sa batang iyon. Ipinagkakatiwala namin ang batang iyon sa Iyo, Ama naming Diyos. At iniisip namin ang mga taong nagpunta rito at nanalangin at humingi ng panalangin para sa batang babaeng iyon. Amang Diyos, hinihiling ko na hindi nawa magkatotoo ang ulat na ito, Ama; hindi namin nalalaman, ngunit idinadalangin ko na mahabag Ka, at pagkalooban Mo po ng kalakasan, at itulot Mong magbangon ang batang iyon at mabuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Magdagdag nawa ang Panginoong Jesus ng Kaniyang mga pagpapala.

50 Ngayon, ang isang iglesia . . . Ngayon, ang pangalan ng iglesia ay may kaugnayan sa katangian nito. Napansin n'yo bang ang Smirna ay nangangahulugan ng "kapaitan"? At pansinin ang bawat iglesia, ang pangalan nito ay may kinalaman sa katangian ng iglesiang iyon. Maaari akong magsabi ng isang bagay dito; ngunit mas mabuting huwag na lang, 'pagkat mamamali kayo ng intindi sa akin. Kita n'yo? 99 Ganu'n din ang inyong pangalan. Maaaring hindi n'yo ito alam ngunit ganu'n nga iyon. Oh, siya nga. Sasabihin mo ngayon na, "Numerology iyan." Hindi. Nang isilang si Jacob, tinawag nila siyang Jacob na ang ibig sabihin ay "mandarambong"; ngunit nang siya'y makipagbuno sa Anghel ng Diyos, ginawang Israel ng Diyos ang kaniyang pangalan, "isang prinsipe." Tama ba? Si Saul ay "Saul ng Tarsus," isang masamang tao; ngunit nang lumapit siya kay Jesus, tinawag siyang "Pablo." Ang pangalan ni Simon ay "Simon"; nang lumapit siya kay Jesus, tinawag siyang Pedro, "isang maliit na bato." Oh, siya nga po. Ang . . . May kaugnayan ang iyong pangalan sa kung ano ka . . . May kinalaman ito sa iyong katangian.

51 At ang iglesiang ito ay tinawag na Smirna sapagkat ito ay naghihingalo na. Ang "Smirna" ay nangangahulugan ng "kapaitan." Sa ibang salita, may ugat ng kapaitang tumutubo na sumasakal do'n; papunta na ito sa mira. Iyon ang pinamamahid nila sa mga bangkay: mira. Kita n'yo? Iyon ay mira. Ang kamangyan ay isang pamahid. Ang mira ay ginagamit na pamahid sa mga bangkay matapos na ang mga ito'y maimbalsamo at iba pa. May kaugnayan ito sa kamatayan, at ang iglesiya ay naghihingalo na noon. 101 At, oh, hindi n'yo ba nakikita sa araw na ito, mga kaibigan, ang dakilang Pentecostal na pagkilos na dating may Buhay ilang taon pa lang ang nakararaan, hindi n'yo ba nakikitang ito'y pinapahiran na ng mira? Kita n'yo? Ang kaparehong pamahid na narito sa iglesiang ito ay umabot hanggang dito

at pinapahiran ang isang ito; naghihingalo na sila dahil nagbabalik sa mga basahang eklesiastikal, at inaalis ang kanilang mga banal na nakadamit ng puti. Ang kakaunting mga taong lumabas, at may taglay na Espiritu Santo, at nagsalita ng iba't ibang wika, at nagpamalas sa Diyos. At, kapatid, napakatapat talaga nila. Talagang tunay na tunay sila; maaasahan n'yo sila kahit saan. Ngayon, hindi n'yo na alam kung ano'ng dapat na pagtiwalaan at sino'ng dapat pagtiwalaan. Kita n'yo? May kung ano'ng nangyari. May kung ano'ng nangyari. Ano iyon? Sila'y pinapahiran na ng mira, ng kapaitan. Ibinangon ang isang . . .

52 Ano'ng naging sanhi nito? May isang pumasok; may isang iglesiang tinawag, ang una ay isang Pangkalahatang Konseho. Pagkatapos ay tinawag nila itong Assemblies of God. Mula sa Assemblies of God ay lumabas ang Church of God. Mula sa Church of God, nagsimula silang tumingin at magsabi, "Ikaw ay Assemblies." Ang sabi naman ng iba, "Ika'y Church of God." At mula ro'n ay lumabas ang United Pentecostal Church of God, dahil sa isang usapin. At namalayan mo na lang, sa halip na tanggapin ang Liwanag at ito'y lakaran, aba'y, nag-organisa na sila hanggang sa hindi na nila magawang tanggapin ang Liwanag. 103 Ngayon, nang mailabas ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa halip na Ama, Anak, Espiritu Santo sa mga Assemblies of God, naiankla na nila nang husto ang kanilang mga sarili kaya't hindi na nila ito mabago. At alam nilang ito ang katotohanan. Hinahamon ko ang sinuman sa kanila na ipakitang hindi ito tama sa pamamagitan ng Biblia. Walang pasubaling ito ang katotohanan. Ngunit ano'ng magagawa nila? Hindi nila ito kayang gawin. Kita n'yo, sisirain nila ang kanilang kredo; hindi nila kaya.

53 At ano'ng ginawa ng Oneness? Sa halip na tanggapin ito at magpatuloy, naging napakapormal nila. "Purihin ang Diyos magpakailan man. Nasa amin ang Liwanag, at wala sa inyo. Kami ang . . ." Ano'ng ginawa nila? Inorganisa nila iyon. Hindi mo maaaring iorganisa ang Diyos. Ni wala ngang anyo ang Diyos, ayon sa Biblia. Wala, walang anumang pormal sa Diyos . . . 105 Ngayon, sinubukan Siyang iorganisa ng mga Assemblies at gawin ang iglesia nila bilang ang tunay na iglesia. Pagkatapos ay dumating ang Oneness, sinubukan ding iorganisa ang kanilang iglesia, samantalang nakatanggap sila ng higit na Liwanag. Kaya't ano'ng ginawa nila? Hinipan nila ito sa pamamagitan ng kanilang makasarili at mapait na pamamaraan. Sa halip na ipamahagi ito na may asin at kagiliwan, sinubukan nilang ipuwera sa samahan yung isa, ayaw nilang magkaro'n ng kinalaman sa kaniya. At iyon ang dahilan niyon. Nagpatuloy ito. At

kamukat-mukat mo, may isa na namang lumitaw, mayroon silang ganito, at ngayon nagkahati-hati na sila. Ang sabi ng isa,

“Siya'y darating na nakasakay sa kabayong puti.” Ang sabi naman nung isa, “Siya'y darating na nasa puting ulap. Purihin ang Diyos, mag-uumpisa ako ng isang organisasyon dito.” Nakikita n'yo ba ang kanilang ginagawa? Nagkakalat ito ng mira—mira. Ano'ng ginawa nito? Sinarhan nito ang pagkakapatiran.

54 Maraming mga kababaihan at kalalakihan sa Assemblies of God ang nais sanang pumarito at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo ngayong gabi, dahil alam nilang ito ang katotohanan ng Diyos. Sila'y magiging ekskomunikado kung ginawa nila iyon. 107 At maraming Oneness na . . . Ngayon, hindi ako Oneness. Hindi ako naniniwala sa oneness sa paraan ng paniniwala nila. Hindi ako naniniwala kay Jesus tulad ng sinasabi nilang, “Jesus”; napakaraming mga Jesus. Siya ay ang Panginoong Jesus Cristo. Tama. Ngayon, at hindi ako . . . Iba ang paniniwala ko riyan sa paniniwala nila. Nagbabautismo sila sa Pangalan ni Jesus, sa Pangalan ni Jesus para sa pagbabagong-buhay, na sa pagpapabautismo sa ganitong paraan ay pumapasok si Cristo sa inyo dahil sa bautismo sa tubig. Hindi ako naniniwala riyan. Naniniwala ako na ang pagbabagong-buhay ay dumarating sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo sa pamamaraan ng Espiritu Santo. Tama. Ang bautismo ay isa lamang panlabas ng gawa ng panloob na pagbabagong-buhay. Kita n'yo? Kaya't hindi ako sang-ayon do'n. Ayos lang iyon, ngunit mga kapatid ko silang lahat.

55 Nang magsimula ako bilang isang mangangaral na Baptist, naglapitan sila at nagsipagsabing, “Brother Branham, pumunta ka rito sa amin; nasa amin ang katotohanan; dala namin 'yon dito.” 109 Ang sabi ko, “Wala iyon sa inyong dalawa, pumapagitan ako sa magkabilang grupo at nagsasabi, 'Magkakapatid tayo.'” Hindi mahalaga sa akin, hindi mahalaga kung di sumasang-ayon sa isang tao, walang anuman iyon sa akin; siya'y kapatid ko pa rin. 110 May kapatid akong mahilig sa apple pie; ang pinakagusto ko naman sa lahat ay cherry pie, ngunit hindi ko siya ihihiwalay sa fellowship. Maaari niyang kainin ang kaniyang apple pie samantalang kinakain ko naman ang aking cherry pie. At nilalagyan ko ng merengge sa ibabaw ang sa akin. Kung ayaw n'yo no'n, aba'y, nasa sa kaniya 'yon. Alam n'yo iyon . . . Ano iyon? May krema sa ibabaw, alam n'yo 'yon, krema. Gusto ko iyon. Tumatanda na ako para kumain niyon, ngunit iyon ay isang . . . Ngunit ako'y . . . 'Yon ang gusto ko. Kung ayaw niya n'on, hindi niya kailangang kainin. Ayos lang iyon; kakainin ko ang sa akin. Ngunit siya'y kapatid ko pa rin. Tama.

Kaya nga gusto ko iyon; gusto ko ng fellowship. Ngunit kapag gumuguhit tayo ng linya nang ganito at nagsasabi, “Hindi, ito ang aming denominasyon,” at ayaw nating makipagkamay sa iba, at magsabing, “Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.” Naku. Sa panahong iyan kayo dapat tumawag ng fellowship. Kung hindi, magkakaroon kayo ng ugat ng kapaitan tulad ng taglay ng mga TagaSmirna noon, at magbubunsod kayo ng kaparehong bagay. Tama, kaya't ang pangalan nila ay “kapaitan.”

56 Patuloy silang sinikil ng mga Nicolaitanes hanggang sa mga panahon ng karimlan. Iniluwal ng kapanahunan ni Luther ang unang hakbang ng biyaya, may munting Liwanag na sumilay. Pagkatapos ay lumabas naman si John Wesley taglay ang pagpapakabanal, mas lumiwanag pa nang kaunti. At pagkatapos ay dumating ang bautismo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng mga Pentecostal, na ibinabalik muli ang pananampalataya ng mga ama. Ngunit hindi nila napanatiling gayon; kaya't kinailangan nila iyong organisahin; at nagsimula silang bumalik sa Nicolaita, katulad na katulad ng sinabi ng Bibliang gagawin nila.

57 Ngayon, kailangan kong magbantay rito kung hindi'y masyadong maraming oras na ang magugugol ko. Pumunta tayo sa ika-2 talata, o sa—ika8 na iyon—ika-9 na talata. Sige, ngayon ang pag-uusig na, ika-9 na talata: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong kapighatian, . . . kadukhaan, (datapuwa't ikaw ay mayaman) . . . (Ay, naku.) . . . Ako'y . . . (Ngayon, nangungusap na Siya sa iglesia, sa tunay na iglesia, hindi sa iba; kinamuhian nila ang mga gawa ng Nicolaitanes.) . . . Nalalaman ko ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas. 114 Ngayon, sila ay nagreklamo. Sila'y dukhang-dukha. Ang . . . Kinuha lahat ng mayroon sila. Nagtayo sila ng kanilang maliit na simbahang tulad nito; at dahil napakaliit na grupo nila, sila'y itinaboy ng malaking iglesia, sadyang itinakwil sila. At ang sabi Niya, “Nalalaman Ko. Nalalaman Kong kinakailangan n'yong magtipon sa isang sulok; nagtitipon kayo sa eskinita o sa iba pang maaari n'yong pagtipunan.” (At nakarating na ako sa mga catacomb kung saan kinailangan nilang magkatipon; bumababa sila sa ilalim ng lupa at doon sila nagtitipon at iba pa.) “Nalalaman ko ang iyong mga kapighatian, at nalalaman ko ang iyong mga suliranin, at iba pang tulad niyan, ngunit ikaw ay pinayaman sa pamamagitan ng mga kapighatian na iyon.” Ay, naku. Sabihin n'yo sa akin, sa tuwing inuusig ang iglesia ito'y napapatatag. Sa tuwina ay napapatatag ang iglesia sa mga kapighatian. “Nalalaman Ko ang iyong mga kapighatian, datapuwa't ikaw ay mayaman.” Bakit? “Nangunyapit ka sa

Akin; ika'y mayaman. Ngunit hindi nakasasama sa iyo ang iyong mga kapighatian.”

58 Ngayon, ang . . . Tulad ng mapapansin n'yo, mayroon nang sinagoga ngayon ang Nicolaitanes. At iyon ang sabi ng Biblia rito. Napansin n'yo ba iyon dito sa ika-9 na talata? . . . at hindi sila gayon, kundi

isang sinagoga ni Satanas. 116 A-ha, ang tunay na iglesia ay naitaboy palabas. Ang mga Nicolaitanes na ang namuno, at itinaboy nila ang mga taong may Espiritu Santo; kaya nga't, wala silang pakinabang para sa kanila. Kung alam lang sana ng Smirna sa Asia na ang mga bagay na iyon—na naghihintay sa kanila ang mga putong ng pagkamartir, nanginig sana sila. Kita n'yo? Ngayon, sa ibang salita, ang . . . Nang maisulat ang propesiyang ito at maipadala, at mahawakan ng iglesia, at nakita nilang sila ang magsusuot ng putong ng pagkamartir, aba'y, sila'y— aba'y, natakot sila nang husto. Inaabangan nila iyon anumang oras. Hindi iyon dumating sa kanilang kapanahunan. At marahil sinabi ng ilan sa kanila, "Buweno, alam n'yo, alam n'yo, sinasabi ko sa inyo, na nagkamali ang propetang iyon. Nagkamali si Juan, dahil hindi iyon naganap sa atin dito sa Smirna." Aba'y, iyon ay nakatakdang maganap matapos ang daan-daang taon. Kita n'yo? Ngunit kapag nangusap ang Diyos ng anumang bagay, matutupad at matutupad ito.

59 Diyan natin ibinabaon ang ating pananampalataya, diyan mismo sa Salita ng Diyos. Tinutupad ng Diyos ang bawat pangako. Anumang . . . Marahil ay isipin mong kailangang maganap iyon kaagad ngayon, ngunit marahil ay hindi pa oras ng Diyos upang matupad 'yon. "Ngunit ang Aking Salita ay hindi magbabalik sa Akin nang walang kabuluhan, bagkus tutuparin ang layunin Nito." Sa tuwina'y pararangalan ng Diyos ang Kaniyang Salita, at aani Ito sa panahong minagaling Nito. Kaya't ang mga taong ito ang unang iglesia, ngunit sa iglesiang iyon ay may katangiang lalabas sa iglesiang Smirna pag naglaon. Ngayon, sila'y nakatakdang magsuot ng putong ng pagkamartir; marami sa kanila ang nakatakdang patayin.

60 Ngayon, kunin natin ang ika-10 talata, habang binabasa natin: Huwag mong katakutan ang mga bagay . . . (ang sinagoga ni Satanas) . . . na iyong malapit nang tiisin: narito, malapit nang ilagay ng diablo ang . . . sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sampung araw: magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. 119 Ay, naku. Sila'y sinabihang huwag matakot nang sila'y tawagin upang mamatay sa kanilang relihiyon. Ngayon, Sister Wood, saan ka man naroroon,

sana'y makatulong ito sa iyo. Sinasabi sa akin ni Sister Wood nung isang araw na nahihirapan siyang maintidihan kung bakit may mga napapagaling samantalang may iba namang hindi. Minsan ay kailangan mong malaman . . . Sinabi ng Diyos sa mga taong ito, "Ngayon, huwag n'yong katakutan na kayo'y ilalagay do'n ni Satanas, gawa ng lupong ito na paparating, na nagtutulak sa inyo, sapagkat pahihintulutan ko kayong mamatay para sa Aking layunin. Ngunit bibigyan Ko kayo ng putong ng Buhay sa araw na iyon." Kaya't huwag kayong . . .

61 Ngayon, masdan n'yo, ang sabi Niya . . . Ngayon, kung mapapansin n'yo habang binabasa natin itong ika-10 talata. Hayaan n'yong basahin ko ulit. Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit nang tiisin: narito, malapit nang ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sampung araw: Magtapat ka hanggang sa . . . (Napansin n'yo ba na hindi iyon "hanggang"? Hindi "hanggang" kamatayan, kundi "patungo" sa kamatayan. Nakuha n'yo ba?) . . . magtapat ka hanggang (unto) kamatayan, . . . (Kita n'yo, at ganiwa nga nila iyon.) 121 Ngayon, ang sabi Niya, si Satanas . . . Napansin n'yo ba kung sinong tinukoy Niyang gagawa niyon? Ngayon, ang sinagogang ito ni Satanas ay ang mga Nicolaitanes. Alam natin 'yan. Hindi ba? Naroon ang isang organisasyon, isang pagkasaserdoteng lumilitaw upang pahirapan ang mga taong ito, at sila'y nakatakdang magtapat sa Ebanghelyo hanggang sa kamatayan. Napansin n'yo na ba ito sa isang kasalan, hindi "hanggang paghiwalayin tayo ng kamatayan," kundi "patungo sa kamatayan ay hindi tayo maghihiwalay." Kita n'yo? Ngayon, ang "hanggang" at "patungo" ay magkaiba. Ngayon, sila'y magtatapat kay Cristo patungo sa kamatayan. "Tumungo kayo sa kamatayan na nagtatapat. Huwag kayong matakot, sapagkat bibigyan ko kayo ng putong."

62 Ngayon, ang sampung araw na sinasabi rito, ang sampung araw. Ang isang araw sa Biblia ay kumakatawan sa isang taon. At ang sampung araw na iyon ay ang sampung taong paghahari nitong si D-i-o-c-l-e-a-t-i-o-n, Diocletian, Diocletian? Diocletian, iyon ang dakilang emperador na naghari sa huling . . . Buweno, may ilang mga emperador na naghari sa kapanahunan ng iglesiang Efeso. At isa si Nero do'n sa paniwala ko. At ang Diocletian na ito ang naghari sa huling sampung taon, at siya ang pinakamadugong naging mang-uusig sa kanilang lahat. Sadyang pumanig siya sa grupong ito, at pinagpapatay nila ang mga Cristiano; sila'y sinunog nila; ang lahat na ay ginawa nila, at iyon ang naging pinakamadugong sampung taon ng pag-uusig. At siya ay naghari mula 302 hanggang 312. Nagtapos ang kapanahunan ng

Smirna sa pagpasok ni Constantine. At si Constantine ay dumating nung 312. Iyon ang sampung taong kapighatian. At nagsimula iyon kay Nero at nagtapos sa isang Diocletian. At nagsimula iyon nung . . . Mga A.D. 64 nang kunin ni Nero ang trono.

63 Ngayon, ang ika-11 talata ay isang pangako. Ngayon, tatalakayin natin ito bago tayo magtapos: Ang may pakinig ay makinig, sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan. 124 Ngayon, may kailangan akong sabihin dito, upang . . . Kung mag-iisip ako sa aking puso pagkatapos ay hindi ko sasabihin, kung gayo'y ipokrito ako. Kita n'yo? Nais

kong may mapansin kayo dito sa Kasulatan. At sa aking pakiwari ay isa ito sa pinamalaking katanungan sa akin sa loob ng mahabang panahon hanggang sa ito ay malaman ko. Ngayon, basahin natin iyon nang maigi. Kita n'yo? Ang may pakining, . . . (sa ibang salita, "may pakinig upang makarinig"; kita n'yo, iyon ay bukas sa Espiritu) . . . ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; . . . (Ngayon, kita n'yo, ang parehong bagay ding ito, ang pag-uusig na ito at lahat na dumarating. Ang bawat bahagi nito ay nagsasanib sa bawat iglesia, sa mga iglesia.) . . . sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; ang magtagumpay . . . (Saang iglesia? Sa Efeso? Oo. Tama. Sa Smirna? Oo, sa lahat ng mga iyon) . . . Ang magtagumpay . . . (sa lahat ng mga iglesia) . . . ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan. 125 Siya na nasa iglesiang Laodicea na magtatagumpay sa ano? Ang magtagumpay sa Nicolaitanes, magtagumpay sa sanlibutan, magtagumpay sa mga denominasyong ito, magtagumpay sa mga pagkasaserdoteng ito, magtagumpay sa lahat ng bagay ng sanlibutan, at magsuko nang lubusan ng kaniyang sarili, at magmahal kay Cristo, ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan. Bakit? Mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan. Ang Buhay na Walang Hanggan ay hindi maaaring mamatay. Ang sabi ni Jesus, "Ang nakikinig sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi kailanman mamamatay. Ibabangon Ko siya sa huling araw."

64 Ngayon, ngayon, hayan . . . Ngayon, marami sa inyong hindi sasang-ayon dito, ngunit nais kong mag-isip kayong maigi bago kayo magpasya. Kita n'yo? Mayroon akong sasabihin ngayon. 127 Kaya nga't hindi ako naniniwala sa eternal na impiyerno. Hind maaaring magkaroon ng eternal na impiyerno. Sapagkat kung mayroong eternal na impiyerno, dati nang may eternal na impiyerno, dahil ang eternal ay . . . May iisang anyo lamang ng Eternal na Buhay, at iyon ang pinagsisikapin nating maabot. At kung masusunog ka magpakailanman at sa buong eternidad, kung

gayo'y dapat may Eternal na Buhay ka habang ikaw ay nasusunog; kung magkagayo'y ang Diyos ang masusunog. Hindi maaaring magkaroon ng eternal na impiyerno, samantalang malinaw na sinasabi ng Bibliang ang impiyerno ay nilikha para sa diablo at sa kaniyang mga anghel. Ang impiyerno ay nilikha; hindi iyon eternal. At hindi ako naniniwalang ang isang tao ay parurusahan sa buong eternidad.

65 Naniniwala akong malinaw na inihahayag dito ng Biblia na ang magtatagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan. Ngayon, "kamatayan." Ang salitang "kamatayan" ay galing sa—ay ito; ito'y "pagkahiwalay." Ngayon, kapag tayo ay nahihalay sa Diyos sa kasalanan, tayo ay patay na; ganito ang sabi ng Biblia. Tayo'y nahihalay sa Diyos; tayong nalalayo; tayong patay sa kasalanan at mga pagsalangsang; tayong banyaga sa Diyos at sa Kaniyang pamayanan. At kapag tinanggap natin ang Diyos at mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan, tayong mga anak Niya at bahagi Niya.

66 Ang anak kong lalaking naririyang, si Joseph, ay bahagi ko, anuman ang kaniyang gawin. Siya'y . . . Maaaring ako'y . . . Maaaring wala siyang . . . Kung napakayaman kong tao at napakaraming ipamamana, maaari niyang manahin ang anumang bagay; ngunit anak ko pa rin siya; siya'y bahagi ko. Tunay nga, siya'y bahagi ko. Ngayon, kung papaanong hindi ko maaaring itanggi ang aking sarili hindi ko siya maitatangi. Ipapakita ng pagsusuri sa dugo na siya'y anak ko. Kita n'yo? 130 At ipinapakita ng pagsusuri sa Dugo kung kayo'y sa Diyos o hindi. Kita n'yo? Kayo'y mga anak ng Diyos at may Buhay na Walang Hanggan. Ngunit ang kaluluwang nagkakasala ay mahihalay. Tama ba? At iyon ay maglalaho. Ngayon, tignan n'yo. Anumang may pasimula ay may katapusan, sapagkat anumang nagpasimula ay nilikha. Ngunit ang Diyos ay hindi nilikha; Siya ay palagi nang Diyos. Hindi Siya kailanman nilikha. At ang tanging paraan upang magkaroon tayo ng Buhay na Walang Hanggan ay ang maging bahagi ng manlilikhang iyon. Luwalhati. Oh, kung makikita lang natin iyon. Nakikita n'yo ba kung ano'ng ginagawa ng Espiritu Santo para sa inyo. Iyon ang Espiritu Santo, ang Manlilikha Mismo, ang Diyos Ama sa anyo ng isang Espiritu, na kung tawagin ay Espiritu Santo sapagkat iyon ay napasa katawang tinawag na Jesus, ang Kaniyang Anak; na Kaniyang nilikha, si Jesus, ang katawang iyon, kaya't kinailangan iyong mamatay. Nanahan ang Diyos sa katawang taong ito, at nawasak ang selula ng dugo, at ang Buhay ng selula ng Dugo ay nagbalik.

67 Iyon ang dahilan kaya't ang mananamba sa Lumang Tipan ay hindi magawang umalis nang . . . Umaalis siyang taglay ang kaparehong pag-uusig

ng kalooban na taglay niya nung siya ay dumulog. Ngunit sa Bagong Tipan, ang sabi sa Mga Hebreo, kapag minsan nang nalinis ang mananamba, wala na siyang pagnanasa sa kasalanan. 132 Ngayon, sa Lumang Tipan, nagdadala sila ng isang kordero; nilalapag, pinapatungan ng kamay ng mananamba; gigilitan ng saserdote ang leeg, at dinarama niya ang pagdurugo, at naririnig niya ang pag-iyak nito. At ito'y namamatay, at nadarama niya ang pagtigas ng katawan nito, at siya'y mawawalan na ng buhay. Alam niyang siya dapat iyon; inako ng kordero ang kaniyang lugar. Kinukuha ng mga saserdote ang dugo, inilalagay sa altar, at pumapailanglang ang usok, at iyon ay nagmimistulang isang panalangin ng pagsisisi ng mananam . . . [Patlang sa tape—Ed.] . . . ? . . . Ang buhay ng hayop ay hindi maaaring bumalik sa isang tao at lumakip sa espiritu ng tao, sapagkat iyon ay espiritu ng hayop. Hindi iyon maaaring mangyari sa buhay ng hayop at buhay ng tao. Ngunit kapag ang isang . . . Kaya nga't paglabas niya ay taglay niya pa rin ang pagnanasang iyon upang magkasala, ganun pa rin. Papasok siya dahil sa pangangalunya, at mag-aalay ng kaniyang hain, at magbabalik siyang taglay ang gayon ding bagay sa kaniyang isipan. Tama.

68 Ngunit dito kapag ang mananamba ay . . . O iglesia ng Diyos, huwag na hindi n'yo ito makuha. Minsan lang tunay na lumapit ang mananamba sa Anak ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya ay magpatong ng kaniyang kamay sa Kaniya (Ay, naku.), tuminigin sa Kaniyang mukha na may mga nakasabit na dura, at umaagos ang Dugo sa Kanyang mukha, at madama ang mga kirot ng, "Diyos Ko! Diyos Ko! Bakit Mo Ako pinabayaan?" O kapatid, kapag nakita mo ang pagkamatay na ipinambayad sa iyo, at kung Sino iyon, si Emmanuel, ang Diyos na namatay kapalit mo . . . 134 Pagkatapos ano na ang nangyari? Ang mananamba kung gayon, nang mawasak ang selula ng Dugo na nasa Anak ng Diyos . . . Ano ba ang bumuo sa selula ng Dugo? 135 Ano ba kayo? Kayo'y isang munting selula na nagmula sa inyong ama. Ang babae ay walang hemoglobin. Naglalabas lamang ang babae ng mga itlog; bilang incubator, siya dapat ang magdadala ng supling. Ngunit ang dugo ay nagmumula sa lalaki; iyon ang dahilan kaya't ibinibigay ang ang apelyedo ng Ama sa anak. At kinukuha ng babaeng kinakasal sa lalaki ang kaniyang pangalan, dahil sa mga anak; siya'y nagmimistulang incubator para sa anak na kaniyang isisilang para sa lalaking iyon.

69 Ngunit tulad ng sinabi ko: maaaring mangitlog ang isang inahing manok, ngunit kung hindi siya nakasama ng tandang, hindi iyon mapipisa. Tulad ng sinabi ko, iyon ang dahilan kaya napakarami nating matatanda, malalamig at mga pormal na iglesia sa araw na ito. Nasadlak sila sa ideyang ito ng

Nicolaita, may mga pugad silang puno ng mga bugok na itlog, at hindi sila kailanman mapipisa, sapagkat sila'y hindi . . . Maaari mong gawin ang anumang bagay sa kanila (tawagin mo silang mga obispo, mga diyakuno, at anupamang iba), hindang-hindi sila maniniwala sa paglakip ng mga tanda sa mga mananampalataya, dahil hindi nila nakasama ang Tandang, si Jesus Cristo. Kung mabubuntis sila ng Asawang Lalaking iyon ng kapangyarihan ng Diyos . . .

70 Nang mawasak ang selula ng Dugo doon sa Kalbaryo, at ang Buhay na naroroon, ang munting si Jehova . . . Oh, dapat ay naging kapansin-pansin iyon. 138 Alam n'yo, ang bawat isa'y naghahanap ng tanda. Hindi ba? Ang bawat isa'y nagsasabi, "Oh, pakitahan mo nga ako ng tanda." Ang sabi ng mga Judio, "Pakitahan Mo kami ng isang tanda." 139 Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng isang tanda. Binigyan na kayo minsan ng Diyos ng isang tanda. Humingi sila ng isang tanda. Humingi ang Israel ng tanda. Sinabi Niya sa propeta, "Bibigyan Ko kayo ng isang walang hanggang tanda: maglililihi ang isang dalaga. Maglililihi ang isang dalaga at magsisilang ng isang Anak na lalaki. (Amen.) Tatawagin Siyang Emmanuel, 'Sumasaatin ang Diyos.'" Ang pinakadakilang tanda na naibigay . . . 140 Nang ang Diyos na Manlilikhang ng langit at lupa ay lumikha ng solar system . . . Tumayo kayo sa Mount Palomar at tumingin kayo ro'n sa largabista, at matatanaw n'yo ang layong sandaan at dalawampung milyong light years. Sumahin mo iyon sa milya, at sa likod niyon ay may mga buwan pa, mga butuin, at mga daigdig, at Siya ang gumawa ng lahat ng mga iyon, hinipan Niya lang na ganiyan mula sa Kaniyang mga kamay. Siyanga.

71 At ang dakilang Manlilikhang iyon ay naging Tagapagligtas ko, nanaog Siya sa isang munting selula ng dugo, hindi sa pamamagitan ng isang lalaki, kundi sa isang birhen, sa isang babae; at kinuha Niya ang munting itlog na ito ng babae, at bumuo Siya ng isang munting bahay at ito'y tinirhan Niya. Oh, dapat sana'y naging makapukaw-pansin iyon. Si Jehova, Siya'y nasa ibabaw ng isang bunton ng dumi sa isang sabsaban, umiiyak: si Jehova na nasa isang sabsaban ng dayami. Isa iyong walang hanggang tanda, sa ilang mga palalong mga taong ito. Si Jehova, and Diyos, ay naging isang sanggol na umiiyak (Alleluia.) sa isang mabahong sabsaban. Pagkatapos akala natin kung sino tayo. Samantalang si Jehova ay humiga sa isang sabsaban, sa ibabaw ng isang bunton ng dumi, umiiyak tulad sa isang munting sanggol. Dapat naging makapukaw-pansin iyon. Iyon ang tanda.

Ang sabi ng Diyos, "Bibigyan Ko kayo ng isang walang hanggang tanda." Isa iyong tunay na tanda: si Jehova, naglalarong tulad ng isang batang lalaki, si Jehova, nagtatrabaho sa isang pagawaan, naglalagare tulad ng isang karpentero. Alleluia. Naku, ay, naku. Si Jehova, naghuhugas ng mga paa ng mga mangingisda. "Bibigyan Ko kayo ng isang tanda." "Oh, ngunit kailangan nating pagbihisin ng mahahabang damit ang mga ministro, alam n'yo na, na may mga kuwelyong . . ." Kita n'yo? Oh.

72 "Bibigyan Ko kayo ng isang walang hanggang tanda." Tumayo si Jehova sa hukuman na may mga dura sa Kanyang mukha; iniunat nang nakahubad si Jehova sa isang katawan sa pagitan ng langit at lupa; winalang bahala Niya ang kahihyan ng krus. Mayroon tayong istatuwa Niya riyon na nakabahag; siyempre iyon ay ginawa lamang ng isang iskultor. Hinubaran nila Siya, inilantad sa kahihyan. Oh, ang bungkos ng mga ipokritong iyon nang dumating ang oras na iyon. Araw ngayon ng tao; ang araw ng Panginoon ay darating; si Jehova, Siya'y naghingalo, oo, walang nangyari; si Jehova ay nanalangin, walang nangyari. Tama. Dapat sana'y naging makapukaw-pansin iyon. Isa iyong walang hanggang tanda. Iyon ang tandang nais na malaman ng lahat ng tao. At Siya ay namatay; namatay si Jehova. At nagsimulang yumanig ang lupa. Ay, naku.

73 Pagkatapos ay nagbangon Siya mula sa libingan at pumanik sa kaitaasan, si Jehova, nagbalik sa anyo ng Espiritu Santo upang manahan sa Kaniyang iglesia, sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan. Luwalhati. Lumalakad si Jehova sa kalagitnaan ng iglesia, kinikilala ang mga haka ng kanilang kaisipan; pinapagaling ni Jehova ang mga maysakit; nagsasalita si Jehova sa pamamagitan ng mga labi ng taong

walang kontrol sa kaniyang sarili; nagbalik si Jehova sa Ingles at iyon ay isinalin. Hm. Nais n'yo ng tanda? Amen. Ang Jehovang iyon ay nanaog sa isang babaeng bayaran, itinaas siya, samantalang napakababa niya na maging ang mga aso ay ayaw tumingin sa kaniya, pagkatapos ay nilinis siya tulad sa niebe, at binigyan ng isang pusong sing dalisay ng lila. Ay, naku. Kinukuha ni Jehova ang isang lasenggong nasa eskinita na nilalangaw ang bibig, pagkatapos ay ginagawa siyang mangangaral ng Ebanghelyo . . . Nililinis tayo ng Dugo ni Jesus Cristo . . .

74 Nang Siya ay nasa ibabaw ng lupa, nagpunta Siya sa pinakamababang lunsod, at sa pinakamababang mga tao, at ibinigay nila sa Kaniya ang pinakamababang pangalan. Tama. Tinrato nila Siya sa pinakamasahol na paraan at binansagan ng pinakamasamang bansag: Beelzebub, isang demonyo. Ibinigay ng tao sa Kaniya ang pinakamababang maaaring maibigay ng tao. 146 Ngunit itinaas Siya ng Diyos, at binigyan ng napakataas na luklukan na kinakailangan niyang tumingin sa ibaba upang makita ang langit (Amen).

Luwalhati.); at binigyan Niya Siya ng isang Pangalan na lalong mataas sa lahat ng pangalan na . . . ? . . . sa langit at sa lupa; at ang buong pamilya sa langit at sa lupa ay ipinangalan sa Kaniya. Iyon ang inisip ng tao tungkol sa Kaniya; iyon naman ang inisip ng Diyos tungkol sa Kaniya. O Diyos, itulot Mong maging tulad ng sa Iyo ang aking mga kaisipan, Ama. Opo. O mahal na Pangalan . . .

75 Ngayon, "Ang sumasamapataya sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan." Ngayon, kung may isa lamang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at makukuha mo iyon at hinahanap natin iyon sa pamamagitan ni Jesus Cristo; iyon ay ang Buhay ng Diyos, kung kaya't nang mawasak ang selula ng dugo ng Anak ng Diyos, at ang Jehovang iyon na nasa loob ng lalaking ito na tinatawag na Jesus (nang manahan sa Kaniya ang Kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagang ayon sa laman), at ngayon kapag tinanggap natin ang Dugo para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan, ang Espiritung iyon na nasa hindi isang Tao, kundi sa Diyos . . . Luwalhati. Ang sabi ng Biblia, "Ang Dugo ng Diyos." 148 May nagsabi, "Tandaan mo, huwag kang magsabi ng anumang laban sa mga Judio, sapagkat Siya ay isang Judio." Hindi Siya isang Judio. Hindi Siya Judio o Hentil man; Siya ay Diyos. tama. Siya ay isang nilikhang Dugo. Ginawa iyong espesyal ng Diyos. Iyon ay sa Kaniya, at sa pamamagitan ng nilikhang Dugong iyon tinatanggap natin ang ating kapatawaran sapagkat Siya ay namatay para sa atin. Nawasak ang selula ng Dugong iyon, pinakawalan nito ang Espiritu Santo upang bumalik sa atin, at ngayon tayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos sa pamamagitan ng isang kapanganakan ng Espiritu. At ang Buhay ng Diyos, na hindi nagpasimula at hindi rin magwawakas, ay sa akin na at sa inyo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na nakay Jesus Cristo. Hayan na nga.

76 Ngayon, ang impiyerno, balikan natin iyon sandali. Sinasabi ko sa inyo na—na hindi maaaring magkaroon . . . Naniniwala ako sa nag-aapoy na impiyerno. Opo, sinabi iyon ng Biblia, ang dagat-dagatang apoy. Ngayon, iyon ay hindi maaaring maging eternal. Maaari iyong . . . Hindi sinabi ng Biblia na iyon ay eternal; ang sabi ay walang hanggang impiyerno. Hindi binabanggit ang salitang "eternal"; ang sabi ay walang hanggang impiyerno. Ngayon, ito'y inihanda para sa diablo at sa kaniyang mga anghel; isang walang hanggang impiyerno, hindi eternal. Ngayon, matapos na . . . Ang kaluluwang iyon ay maaaring pahirapan do'n dahil sa ginawa nito sa loob ng isang milyong taon; marahil ay sa loob ng sampung milyong taon; ngunit darating ang oras na ang kaluluwang iyon ay maglalaho na.

77 Narito ang sinabi ng Biblia. Kita n'yo, kita n'yo?

Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan. 151 Ang unang kamatayan ay ang pagkahiwalay sa ating mga mahal sa buhay. Tayo'y magtutungo sa Presensya ng Diyos, at hindi na mawawalay ro'n. Kita n'yo? Ngayon, kung mayroong ikalawang kamatayan, tiyak na iyon ay ang kamatayan ng kaluluwa. At ang magtatagumpay sa sanlibutan, o magtatagumpay sa mga bagay ng sanlibutan ay may Buhay na Walang Hanggan at hindi mahihipo ng ikalawang kamatayan. Hayan na nga: Buhay na Walang Hanggan. Ngunit ang mga makasalanan . . . Ang sabi ng Biblia, "Ang babaeng namumuhay sa kalayawan ay patay habang siya ay nabubuhay." Tama ba? "Ang kaluluwang nagkakasala ay tiyak na mamamatay." Ano ba ang mamamatay? Ang lubos na mahiwalay, maglaho. Kita n'yo? Ngayon, iyon ay nahiwalay, tama. Nahiwalay; wala na iyon. Gaano katagal aabutin upang humantong do'n? Dadaan iyon sa kaparehong proseso na pinagpasukan nito, at hahantong sa dakong wala nang anumang matitira dito. Sadyang magbabalik iyon kung saan man iyon nagmula.

78 Maaari nating kunin ang selula, at unti-unti itong himayin hanggang sa makarating tayo sa unang selula; kung hihiyayin pa rin natin iyon, makukuha mo na ang chemistry ng dugo; pupunta ka na sa iba't ibang chemistry ng dugo, at hahantong ka sa munting bahagi ng selulang iyon na walang iba kundi ang buhay. Hindi nila iyon makikita. Wala silang alam tungkol do'n. Ngayon, ang buhay na iyon ay darating sa puntong ito ay maglalaho. Ano ang chemistry ng buhay na iyon? Hindi ako naniniwalang mayroon iyong chemistry. Magiging espirituwal na iyon. At pagkatapos, doon, sa katuapustapusan ay lubusang itong mahihiwalay at maglalaho na. Iyon ang sinasabi ng Biblia. "Ang kaluluwang nagkakasala ay mamamatay." At ang mga magtatagumpay sa mga kapanahunan ng iglesiang ito ay hindi maparurusahan ng ikalawang kamatayan. Ang katawan ang unang mamamatay; kasunod ang kaluluwa; at iyon ay maglalaho. Kita

n'yo? Ngayon, naniniwala ba kayo na ang Biblia ang may sabi niyan?

79 Ngayon, alalahanin n'yo, kung ang impiyerno ay eternal, kung gayo'y mali ang Biblia nang sabihin nitong ang impiyerno ay nilikha. At kung ang tao ay masusunog sa buong eternidad sa impiyerno, kakailanganin niyang magkaroon ng Eternal na Buhay upang malaman niyang siya'y nasusunog. Tama ba? Buweno, gaano ba karami ang anyo ng Eternal na Buhay? Isa (Tama.), iisa lang ang Eternal na Buhay. 155 Ngayon, huwag kayong umalis at magsabing, "Si Brother Branham ay hindi naniniwala sa impiyerno." Naniniwala si Brother Branham sa impiyerno. Itinuturo ng Biblia na mayroong impiyerno. Kung gaano katiyak na mayroong lugar ng kapahingahan, may lugar ng kaparusahan. At tiyak na

pparusahan ng Diyos ang kaluluwang nagkakasala laban sa Kaniya. At tiyak na parurusahan ka dahil sa pagtanggap mo kay Jesus Cristo bilang iyong Tagapagligtas. Ngunit darating ang sandaling ikaw ay maglalaho. Ngunit kung gaano karaming milyong taon ang kakailanganin upang humantong ka ro'n, hindi ko alam. Ngunit darating ang oras . . .

80 Ikaw ay taong sakop ng panahon hanggang sa ikaw ay isilang na muli; at pag nagkagayon isa ka nang taong sakop ng eternidad. At ang tanging paraan upang iyon ay mapasa'yo ay ang magkaroon ka ng bahagi ng Diyos na nananahan sa iyo, na walang iba kundi ang Eternal na Buhay. Nauunawaan n'yo na ba? Tunay nga. Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; . . . 157 Mahal ko Siya. Kayo ba? Lubos akong nagagalak na magkaroon ng Eternal na Buhay. Hindi na iyon bumabagabag sa akin, sapagkat mayroon na tayong Eternal na Buhay ngayon. At nalalaman ko iyon, at nagtitiwala akong ang bawat isa ay magkakaroon din niyon, lahat tayo.

81 Si Irenaeus, oo, may tala ako rito tungkol kay Irenaeus, tungkol sa "basahin ang kasaysayang ito." Ang dahilan kaya napili si Irenaeus ay sapagkat nilalakipan siya ng mga tanda ng orihinal na iglesiang Pentecostal. 159 Ngayon, kung ang Diyos . . . Ilan ang naniniwalang ang iglesia ay nagpasimula sa Pentecostes? Sige. Ilan ang naniniwalang inindorso ng Diyos ang iglesia sa Pentecostes? Sige po. At kung iyon ang unang iglesia ng Diyos, at iyon ang tinawag Niyang iglesia, at Siya ngayon ang Puno, tayo ang mga sanga, kung mag-uusbong ng isa pang sanga ang Puno, magiging ano iyon? Pentecostal. Siyanga. Ngayon, marahil ay hindi sa pangalan. Ngayon, may mga pangalan tayo ng Pentecostes, ngunit walang pinagkaiba iyon sa Methodist, Baptist, Presbyterian, at Pentecostal. Walang kabuluhan iyon (Kita n'yo?); isa lang iyong pangalan. Ngunit habang mayroon kayong karanasang Pentecostal sa inyong puso, nasa sa inyong puso ang Pentecostes na nagbibigay sa inyo ng Eternal na Buhay, kung gayo'y pinangakuan kayo ng Diyos na hindi kayo maparusahan ng ikalawang kamatayan; na kayo ay mayroong Eternal na Buhay at kayo'y hindi maparusahan ng ikalawang kamatayan. Kita n'yo? Mayroon kayong . . . Kayo'y . . . 160 "Huwag n'yong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos." Ngayon, huwag n'yo Iyong pighatiin, huwag kayong gumawa ng mali. Kung hindi, pagbabayaran n'yo iyon; sapagkat sinabi ng Biblia, "Huwag n'yong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa Kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan." Tama ba? "Huwag n'yong pighatiin ang Espiritu Santo."

82 Oh, magiging kamangha-manghang araw iyon, isa sa mga umagang ito, isa sa mga panahong ito. Upang ipakita sa inyo na ang pagkabuhay na muli ay magaganap sa buong daigdig, "May dalawa sa bukid, kukunin Ko ang isa; at dalawa sa highaan, kukunin Ko ang isa." Magiging gabi sa isang dako at umaga naman sa ibang panig ng mundo; iyon ay magiging isang pandaigdigang pagkabuhay na muli, ang pag-agaw na iyon. Ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, at ang bawat isa sa mga ito, ang munting iglesiang ito, ito, ito, at maging ang munting lupon na dumaan do'n at lumabas dito, dito, dito. 162 Kapag ang birhen na iyon, nang makita niya sa ikapitong pagbabantay na . . . Ngayon, tandaan n'yo, mayroong pitong birhen. Tama ba? Ang ibig kong sabihin, may limang birheng lumabas . . . May sampung birheng lumabas upang sumalubong sa Panginoon; ang lima ay matalino at ang lima ay mangmang. Tama ba? At ngayon, sa mga pagbabantay naman, may pitong pagbabantay. At sa dulo ng ikapitong pagbabantay . . . May mga nakatulog sa pagbabantay na ito, dito, dito, dito, at do'n . . . Pagdating ng ikapitong pagbabantay, may isang tinig na narinig, "Narito, ang Kasintahang Lalaki ay dumarating, lumabas kayo upang Siya'y salubungin." At sila'y nagbangon at pinag-igi ang kanilang mga ilawan. At lahat ng mga iba pang ito ay nagbangon sa bandang ito. Oh, hindi ba't iyon ay magiging kamanghamanghang panahon.

83 Ngayon, dati-rati ay may inaawit tayong isang munting awitin: It's a wonderful time for you, What a wonderful time for me; If we all prepare to meet Jesus our King, What a wonderful time it will be. Heto, tignan natin kung maaawit natin iyon: A wonderful time for you, A wonderful time for me; If we all prepare to meet Jesus our King, What a wonderful time it will be. (Hindi ba't magiging kahanga-hanga iyon?) O won't it be wonderful there, Having no burdens to bear? Joyously singing with heart-bells all ringing, O won't it be wonderful there?

84 Ilan sa inyo ang nakakaalam na kayo'y makakaawi pa? Ilan sa inyo ang nakakaalam na kayo'y makalalabas sa pintuang iyan? Hindi n'yo alam. Ilan ang nakakaalam na sa inyong paglabas ay makapapasok pa kayong muli? Hindi n'yo masasabi. 165 Kaya't huwag n'yong hayaang mabigo ang gabing ito; huwag n'yong biguin ang Diyos sa gabing ito, sapagkat maaaring ito na ang huling gabi na kayo'y magkakaroon ng pagkakataon o ng tsansa. Sino ba naman kayo? Saan kayo nanggaling? Saan kayo

pupunta? Ang tanging Aklat sa daigdig na makapagsasabi sa inyo no'n ay ang pinagpalang Bibliang ito. At iyan ang Bibliang sinasampalatayanan natin; iyan ang Diyos na sinasampalatayanan natin. 166 At kung wala ka sa Nobyang iyon, sa munting lupon na ito ng minoridad, na sa araw na ito ay ginigipit ng mga kredo, at mga denominasyon, at iba pa, kung—kung—kung wala ka sa munting grupon iyon . . . Ngayon, hindi mo kailangang sumapi sa Tabernakulong ito; hindi mo kailangang sumapi sa anuman. Ang kailangan mo lang ay ang isilang ka sa Kahariang iyon. Ngayon, kung nais mo ng pakikisama sa mga Methodist, Baptist, Presbyterian, saan mo man gusto, nasa sa'yo iyon. Kita n'yo, makisama ka sa kaninumang ibigin mo. Ngunit sasabihin ko sa iyo ang isang bagay: kapag ikaw ay isinilang na muli, alam mo na, "Ang mga ibong magkakatulad ang balahibo ay . . ." Naku.

85 May nagtanong sa akin minsan, aniya, "Brother Branham, sinabihan mo ang mga taong iyon, 'Magsibalik kayo sa iglesiang Methodist.'" 168 Ang sabi ko, "Tunay nga. Hayaan mong itaboy sila, at mawalan sila ng lugar na mapupuntahan." Kapag nagkagayon ay alam n'yo na, tiyak. Kaya't magsibalik kayo; hindi 'yon magtatagal nang husto. Kita n'yo ba? Hindi iyon masyadong magtatagal; sila'y muling magbabalik kaagad. 169 Alam n'yo, minsan sa arka, sa lugar ng kaligtasan, si Noe ay . . . May malaking bahang dumating. Kaya't pinawalan ni Noe ang uwak mula sa arka, at ito'y sadyang nagpahuni-huni at nagpagala-gala. Aba'y, siya ay nasiyahan, sapagkat unang-una isa siyang ibong kumakain ng bangkay ng mga hayop. 170 Magagawa niyang lumipad mula sa isang bangkay, at pagkatapos ay magpakabuntat sa molang ito, at pagkatapos ay pupunta naman siya sa tupang ito, at magpapakabuntat dito, at sa iba pa, sa panahong sadyang nagkalat ang lahat ng uri ng bangkay. 171 Kaya't ang uwak ay padapo-dapo lamang do'n at pahuni-huni, "Talaga naman, nagpapakasarap akong mag-isa," sige ang huni niya.

86 Ngunit nang kanilang pakawalan ang munting kalapati, iba ang katangian niya. Hindi niya matagalan ang mabahong amoy na iyon. Um. Bakit? Ang isang kalapati ay walang apdo; siya ang tanging ibon na walang apdo. Hindi niya kayang sikmurain iyon, kaya't ang tanging magagawa niya ay ang bumalik kagad sa arka at kumatok sa pintuan. 173 Pumunta ka saan mo man gusto. Ang tanging hinihiling kong gawin mo ay ang pumasok ka sa Kaharian, at alam ko kung saan ka pupunta. Hindi mo na matatagalan, kapatid; sasabihin mo, "Natawid ko na ang hangganan; iniwan ko na ang mundong ito." Opo. Tunay po iyon.

87 Oh, they were gathered in the upper room, All praying in His Name, They were baptized with the Holy Ghost, And power for service came; Now, what He did for them that day He'll do for you the same, I'm so glad that I can say I'm one of them. (Kayo ba?) One of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them. Ilan ang nagagalak dahil do'n ngayong gabi? Ay, naku. Come, my brother, seek this blessing That will cleanse your heart from sin, That will start the joy-bells ringing And will keep your soul on flame; Oh, it's burning now within my heart, Oh, glory to His Name, I'm so glad that I can say I'm one of them. I'm one of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them.

88 Ngayon, habang inaawit natin ang kasunod na talata, nais kong makipagkamay kayo, tulad ng ginagawa n'yo gabi-gabi, lahat ng mga Methodist, at Baptist, at Presbyterian. Makipagkamay kayo sa isa't isa, at maging mapagkaibigan kayo na kung maaari lang ay magawa n'yong nguyain ang chewing gum ng isa't isa. 176 Ngayon, basta't maging tunay kayong mapagkaibigan, mapagkapuwa habang inaawit natin iyon. I'm one of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them; One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them. Though these people may not learn to be, Or boast of worldly fame, They have all received their Pentecost, Baptized in Jesus' Name; And they're telling now, both far and wide, His power is yet the same, I'm so glad that I can say I'm one of . . . Ngayon, umawit talaga tayo, alam n'yo na. One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them.

89 Handa ba kayong maging martir para sa Kaniya, ng Smirna? Kung dumating sa puntong kailanganin n'yong humarap sa kamatayan o umurong, haharapin n'yo ba? Opo. O Diyos, ikalulugod ko. Siyanga. Ganu'n ko nais pumanaw, sa pulpito mismo. Tama. Akala ko mangyayari na iyon sa akin sa Germany hindi pa katagalan. Oh, babarilin nila ako nang may largabistang panggabi, at may mga sundalong Aleman na pumalibot sa akin ngunit hindi lang nila itinuloy. Naisip ko, "Magiging kahanga-hanga kung mamamatay ako para sa Panginoon dito mismo sa pagmimisyon." Ay, naku. Kahanga-hanga.

90 Buweno, hayaan n'yong awitan ko kayo ng munting awitin. Maaari ba? May oras pa ba kayo para sa isang munting himno? Sige. Hindi ko iyon makanta; binibigkas ko na lang. Oh, dati ko pang nais umawit. At isa sa mga

araw na ito pag nakarating na kayo sa inyong maganda't malaking tahanan sa paraiso, sa kaduluduluhan ng kagubatan do'n, kung saan ay magpupunta kami ni Russel Creech para mangaso, alam n'yo na. Sa kadulu-duluhan ng kagubatan mayoon do'ng isang maliit na dampa na inaawit ni Brother Neville, "Build Me a Cabin in the Corner (Akala ko tungkol sa lugar ko ang sinasabi niya.) in Gloryland." Isa sa mga umagang ito paglabas n'yo sa inyong malaking balkonahe, at kayo'y nagpalinga-linga nang ganiyan, sa

isang sulok ay may maririnig kayong umaawit: Amazing grace, how sweet the sound, That saved a wretch like me! 179 Sasabihin mo, "Buweno, purihin ang Diyos, nakarating si Brother Branham. Hayun siya; naririnig ko siya ngayong nakatayo ro'n, umaawit ng "Amazing Grace." Ang kamangha-mangha Niyang biyaya ang maghahatid sa akin do'n. Tama.

91 But it's dripping with blood, yes, (Kaya nga ipinapangaral ko ito.) it's dripping with blood, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood, The blood of disciples who died for the truth, This Holy Ghost Gospel keeps dripping with blood. The first one to die for this Holy Ghost plan, Was John the Baptist, but he died like a man; Then came the Lord Jesus, they crucified Him, He taught that the Spirit would save man from sin. There was Peter and Paul, and John the Divine, They gave up their lives so this Gospel could shine; They mingled their blood, like the prophets of old, So the true Word of God could honest be told. There's souls under the altar, (ang mga martir na ito) crying, "How long?" For the Lord to punish those who've done wrong; (Makinig kayo. Di na magtatagal.) But there's going to be more who'll give their life's blood For this Holy Ghost Gospel and its crimson flood. It's dripping with blood, yes, it's dripping with blood, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,

The blood of disciples who died for the truth, This Holy Ghost Gospel keeps dripping with blood.

92 Oh, magkakaroon ng . . . [May nagsalita sa ibang wika at nagpaliwanag— Ed.] Amen. [May nagsalita sa ibang wika at nagpaliwanag—Ed.] Amen. Luwalhati. Amen, amen. Siyanga. Amen. "Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." 182 Mahal Siya . . . (Sumamba na kayo, tignan n'yo kung anong gagawin Niya. Kung hindi n'yo ba Siya minahal dati, nais n'yo bang mahal in na Siya ngayon? Maaari bang tumayo kayo at kilalanin n'yo Siya, tanggapin n'yo Siya bilang inyong Tagapagligtas?) . . . ko, (Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.) Nag-alay . . . (May iba pa bang tatayo at magsasabi, "Nais ko na Siyang mahal in ngayon.") . . . kaligtasan Sa Kalbar- . . . (Pagpalain ka ng Diyos, sister. Pagpalain ka ng Diyos, iha, diyan sa likuran.) Mahal Siya . . . (Ito'y . . . Ang may pakinig ay making sa sinasabi ng Espiritu sa iglesia.) . . . minahal Niya ko Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbar- . . .

93 Makalangit naming Ama sa Langit, habang nakikita Mo ang tatlong ito na nakatayo, O Diyos, idinadalangin ko sa Iyo na maging mahabagin Ka, o Ikaw na Walang Hanggan, at bigyan Mo sila ng kapatawaran sa lahat ng kasalanan nila, at ng kaligtasan, ng Espiritu Santo sa kanilang buhay, upang hindi sila maparusahan ng ikalawang kamatayan. Napagtatanto nila, Panginoon, ngayon gabi habang nakatayo sila rito, na may napipintong maganap. Ang Espiritu Santo ay nagbabala na. Ang makitang lumalagpak ang Espiritu ng Diyos sa kalagitnaan ng mga tao, at makita itong gumagawa ayon sa Kasulatan, tatlong mensahe lamang at tumigil na. O Diyos, tig-iisa silang mensahe. 184 Ngayon, Ama, idinadalangin namin sa Iyo na maging mahabagin Ka. Itulot Mo pong manatili ang mahal na Espiritu sa aming kalagitnaan. Igalang nawa namin Iyon, Diyos; Itulot Mo po ito. Kupkupon Mo po ang mga kaluluwang ito, Ama; sila ang mga bunga ng mensahe ngayong gabi, at ng mensahe mula sa Espiritu Santo na ipinangusap sa aming kalagitnaan. At hinihiling namin, Ama, Diyos, na sumakanila Ka buong kaarawan ng kanilang buhay. At nawa, sa daigdig na hindi magwawakas ay magkita-kita kami, mga niligtas ng Dugo at biyaya ni Cristo. Ipinagkakaloob namin sila sa Iyo

ngayon; puspusin Mo sila ng Iyong Espiritu Santo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

94 Pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid. Sinumang mga Cristianong malapit sa mga taong iyon na tumayo, kamayan n'yo sila sa kanilang pag-upo, bigyan n'yo sila ng—sabihin n'yong sa kanila na paginhawain nawa ng Diyos ang kanilang paglalakbay. 186 Kita n'yo kung gaano kamasunurin ang Espiritu Santo, kung papaanong sa pinakadulo niya iyon ginagawa? Ang sabi ng Biblia, "Hayaan n'yong may dalawang magsalita ng iba't ibang wika o kaya'y pinakamarami na ang tatlo. Nauunawaan n'yo? Ang mensahe ay dumating hindi nang ako ay nagsasalita, kundi nang matapos na ito. 187 Ngayon, ganun iyon dapat, ang bawat isa'y tunay na magalang at nakikinig sa sinasabi ng Espiritu. At ano'ng nangyari? Ang mga makasalanan ay tumayo upang magsisi. Oh, isipin n'yo. Ang Espiritu Santo mismo, hindi galing . . . Maging hanggang dumating ang Salita at nagpamalas. Kilala ko ang ilan sa mga taong ito na nagsasalita sa iba't ibang wika. Kilala ko silang tatlo na nagsalita; at kilala ko ang mga nagpaliwanag; alam kong ang buhay nila ay walang sala sa harapan ng Diyos. Narito si Brother Neville, ang ating pastor, isang ministrong Methodist; nakaupo rito ang isang ministrong Methodist na nakatanggap ng Espiritu Santo. Si Junie, na nandito, isa pang mangangaral na Methodist na nakatanggap ng Espiritu Santo (Tama.) na may kaloob ng mga wika at pagpapaliwanag.

95 At napansin n'yo ba ang kaayusan ng kanilang iglesia, ang bawat isa'y gumagalang, nangungusap ang Diyos. Nakita n'yo ba kung papaano Siyang nangungusap na ayon na ayon sa Biblia; isa; hindi masyadong naparating nang tama ang mensahe, kaya't nangusap Siyang muli, ngunit hindi Siya nangungusap ng higit sa tatlong beses (Kita n'yo?) ayon sa Kasulatan. Kita n'yo, magbibigay Siya ng mensahe, at hindi n'ya ito pinagbubuhol-buhol, sapagkat ang espiritu ng mga propeta ay nagpapasakop sa propeta. Ang lahat ay nakikinig nang tahimik . . . 189 Ngayon, ganiyan dapat maisaayos ang iglesia. Ngayon, sa inyong mga taong naririto na marahil ay galing sa ibang lugar, na nakarinig na sa aking

nangusap tungkol dito, ganu'n nga dapat 'yon. Kita n'yo, dumarating ang mensahe. Kita n'yo ang resulta? Nangyayari iyon do'n mismo. May kung anong nagaganap, tulad ng discernment o iba pang espiritu. Hindi ba't kahanga-hanga Siya? Oh, labis akong nagagalak na ang bagay na iyon na itinalaga ni San Pablo dati ay hindi namatay hanggang sa panahong ito: pareho pa rin. Oh, labis akong nagagalak na masasabi kong isa ako sa kanila. Kayo ba? Tama.

96 Ngayon, bukas ng gabi sa ganap na alas siyete, tatalakayin natin ang kapanahunan ng Laodicea, at iyon ang kapanahunan ng kasalan. Nais kong makadalo kayo kung magagawa n'yo. Medyo ginabi ako ngayon, marahil dahil sa nangusap ang Espiritu Santo at iba pa. Ngunit, maaga pa, alas nueve bente pa lamang. At karaniwan ay inaabot ako rito ng alas diyos o alas onse, kaya't talagang maaga ito. Nasisiyahan ba kayo sa mga mensahe ng Panginoon? At tunay ba talaga? Napapakain ba ang iyong kaluluwa. 191 Pagpalain kayo ng Diyos, mga anak. Alam n'yo, minamahal ko kayo ng buong puso ko. At minsan kapag nahahawakan ako ng Espiritu, sumusugat Ito kapuwa . . . Ganiyan ang Salita; matalas Ito tulad ng tabak na may dalawang talim. Humihiwa ito nang paroo't parito, papasok at palabas, sa lahat ng direksyon. Ngunit iyon ang tumutuli sa atin. Tinatagpas ng pagtutuli ang sobrang laman, ang mga bagay na hindi natin dapat tinataglay. Ngayon, nais kong pansinin n'yo. Narinig n'yo ba ang Espiritu sa interpretasyon ngayong gabi? "Tigilan n'yo na ang kahangalang iyon." Iyon ay tumutuli. Magpakasinsero kayo. Lahat tayo ay nalilihis, ngunit alam ng Diyos kung papaanong tanggalin ang mga ambok sa atin, hindi ba? Tunay ngang alam Niya. Nagpapasalamat ako dahil do'n. Kayo ba?

97 Ikaw ba ang pianista rito? Hindi ko nakikita . . . Si Teddy ba'y . . . Hindi ko siya nakikita saan man dito. Ito ba . . . Sige, sister, kung mamarapatin mo. Anak na babae mo ba 'yan, Brother Daulton? Manugang. Napakabait na babae, labis akong nagagalak na ikaw ay isang Cristiano. Sige, ano na nga ang ating magandang, lumang awiting pangtapos? Subukan natin ang isa, pero bago natin iyon gawin. Sandali lang, sister, bago tayo umawit ng "Take The Name Of Jesus With You." 194 Ilan ang nakakaalam ng "Don't Forget The Family Prayer"? Ilan ang nananalangin sa inyong pamilya, nananalangin ba ang inyong pamilya? Oh, mabuti 'yon. Subukan natin nang isang beses, tulad ng dati. Don't forget the family prayer, Jesus wants to meet you there; He will take your every care, Oh, don't forget the family prayer. Naibigan n'yo ba 'yon? Subukan natin muli: Don't forget the family prayer, Jesus wants to meet you there; (May usapan na kayo) He will take your every care,

Oh, don't forget your family prayer.

98 [May isang sister na nagsabi, "Brother Branham, maaari ba akong magsabi ng isang bagay?"—Ed.] Aba'y oo, sister. [Nagsimulang magsalita ang sister. Patlang sa tape—Ed.] Sister Nash, napakainam niyon. Oh, kung iyo lamang . . . If we trust and never doubt, He will surely bring you out; Just take your burden to the Lord and leave them there. Leave them there, leave it there, Take your burden to the Lord and leave it there; If we trust and never doubt, He will surely bring you out; Take your burden to the Lord and leave them there.

99 Hindi n'yo ba gusto ang mga lumang himnong iyon? Oh, ako'y sadyang . . . Naniniwala akong ang mga lalaking iyon ay dumampot ng panulat at kinasihan ng Espiritu Santo ng Diyos upang iyon ay isulat. 198 Tulad ng bulag na si Fanny Crossby nang subukan ng mga makamundong tao nung araw na iyon na pasulatin siya ng mga makasanlibutang awitin, anila, "Aba'y, magiging mayaman kang babae." 199 Ang sabi niya, "Inialay ko ang aking sarili kay Cristo pati na lahat ng aking talento." Bulag siya, alam n'yo. Ang sabi niya, "Utang ko ang aking buhay at lahat na kay Cristo." Ang sabi niya . . . 200 At medyo nainis sila sa kaniya dahil tinanggihan niya ang gayong pagkakataon. Hind niya ipinagbili ang kaniyang pagkapanganay tulad ng ginawa ni Mr. Presley at ng iba pa sa kanila, bagkus pinanatili niya ang kaniyang integridad. Kaya't siya'y . . . Siya'y iniwan nila, ang sabi nila, "Pagdating mo sa langit, kung mayroong ganung lugar," ang sabi, "kung ikaw ay tulad ng kung ano ka rito, magiging bulag ka." Ang sabi nila, "Paano kung bulag ka," ika nila, "papaano mo Siya makikilala?" 201 Ang sabi niya, "Makikilala ko Siya. Makikilala ko Siya." 202 Ang sabi nila, "Papaano kung bulag ka? Papaano kung bulag ka?" 203 Ang sabi niya, "Kakapain ko ang mga pilat ng mga pako." Tumalikod siya; nagsimula siyang lumakad; ang sabi niya: I shall know Him, I shall know Him, And redeemed by His side I shall stand;

I shall know Him, I shall know Him By the prints of the nails in His hands.

100 O aking Jesus, na may limang mahalagang sugat na iyon, na nagdugo para sa akin, paano ko magagawang itanggi ang Pinakamamahal ko? Hayaan Mong mamatay ako; hayaan Mong pumanaw ako sa . . . Hayaan Mong pumanaw ako sa anumang paraan, ngunit huwag na huwag Mong hayaang itanggi ko ang mahal na Isang iyon na nagdugo roon para sa akin. Siyanga. 205 At habang umaalis kayo ngayong gabi, nais n'yong "Take The Name Of Jesus With You." Sige, sister. Maaari bang tumayo na tayo ngayon, mga nakikinig. Take the Name of Jesus with you, Child of sorrow and of woe; It will joy and comfort give you, Take it everywhere you go. Precious Name (Precious Name), O how sweet! (O how sweet) Hope of earth and joy of heaven; Precious Name (Precious Name), O how sweet! (How sweet) Hope of earth and joy of heaven Ngayon, habang nakayuko tayo awitin natin nang marahan, At the Name of Jesus bowing, Falling prostrate at His feet, King of kings in heaven we'll crown Him. When our journey is complete

Precious Name, O how sweet! Hope of earth and joy of heaven; Precious Name, O how sweet! Hope of earth and joy of heaven.



www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7